

Sertipiko sa Kaligtasan sa Baril Gabay sa Pag-aaral



**Tanggapan ng Attorney General
Kagawaran ng Katarungan ng California
Kawanihan ng mga Baril
2025**



PAUNANG SALITA

Ang kaligtasan sa paggamit ng baril ay ang batas sa California. Dapat maunawaan at sundin ng bawat may-ari ng baril ang mga kagawian sa ligtas na paggamit ng baril, magkaroon ng pangunahing kaalaman sa pagpapatakbo at pangangasiwa ng kanilang baril, at lubos na maunawaan ang responsibilidad na kaakibat ng pagmamay-ari ng baril. Alinsunod sa seksyon 31615 ng Penal Code, ang isang indibidwal ay hindi maaaring bumili o tumanggap ng anumang baril (maliban sa antigong baril) nang walang balidong Sertipiko sa Kaligtasan sa Baril (Firearm Safety Certificate o FSC), maliban kung ayon sa batas ay hindi siya saklaw ng kinakailangan para sa FSC. Bukod dito, walang sinuman ang dapat magbenta, maghatid, magpahiram, o maglipat ng anumang baril (maliban sa antigong baril) sa sinumang walang balidong FSC. Upang makakuha ng FSC, dapat pumasa ang isang tao sa nakasulat na pagsusulit ng Kagawaran ng Katarungan (Department of Justice o DOJ) tungkol sa kaligtasan sa paggamit ng baril. Isinasagawa ang pagsusulit ng mga Sertipikadong Instruktor ng DOJ at karaniwang makukuha sa pamamagitan ng mga lisensiyadong dealer ng baril.

Nagbibigay ng pangunahing impormasyon ang gabay sa pag-aaral na ito tungkol sa kaligtasan sa paggamit ng baril na kinakailangan upang maipasa ang pagsusulit. Makakatulong ang pagsunod sa impormasyon tungkol sa kaligtasan sa paggamit ng baril na nasa gabay na ito na mabawasan ang posibilidad ng aksidenteng pagkamatay at pinsala, lalo na ang mga kinasasangkutan ng mga bata, na dulot ng hindi ligtas na paghawak at pagtatago ng mga baril.

Bukod sa impormasyon tungkol sa kaligtasan, nagbibigay ang gabay sa pag-aaral na ito ng pangkalahatang buod ng mga batas ng estado na namamahala sa pagbebenta at paggamit ng mga baril. Panghuli, may glossary na nagbibigay ng kahulugan sa mga mas teknikal na terminong ginamit sa gabay sa pag-aaral.

Ang simpleng pagbabasa lamang ng gabay sa pag-aaral na ito ay hindi sapat upang maging ligtas kang may-ari ng baril. Upang maging ligtas na may-ari ng baril, dapat mong isagawa ang mga pamamaraan para sa kaligtasan sa paggamit ng baril na inilalarawan sa mga sumusunod na pahina.

TALAAN NG MGA NILALAMAN

PANIMULA.....	1
Bakit Mahalaga ang Kaligtasan sa Paggamit ng Baril?	1
Ang Kaligtasan sa Paggamit ng Baril ay ang Batas	1
Impormasyon tungkol sa Sertipiko sa Kaligtasan sa Baril	1
Mga Sanhi ng mga Aksidenteng Kinasasangkutan ng Baril	2
Pag-iwas sa mga Trahedyang Dulot ng Maling Paggamit	2
Mga Dahilan at Panganib ng Pagmamay-ari ng Baril	2
Pagiging Ligas at Responsableng May-ari ng Baril	3
MGA TUNTUNIN SA KALIGTASAN SA BARIL	4
Anim na Pangunahing Tuntunin sa Kaligtasan sa Baril	4
Mga Karagdagang Paalala sa Kaligtasan	5
MGA BARIL AT MGA BATA.....	7
Responsibilidad ng May-ari ng Baril.....	7
Mga Tuntunin para sa mga Bata	8
PAGGAMIT AT LIGAS NA PAGHAWAK NG BARIL.....	10
Pagpapakita ng Ligas na Paghawak	10
Mga Bahagi at Paggamit ng Revolver	10
Ligas na Paghawak ng Double-Action Revolver	11
Ligas na Paghawak ng Single-Action Revolver	13
Mga Bahagi at Paggamit ng Semiautomatic Pistol	15
Ligas na Paghawak ng Semiautomatic Pistol	16
Ligas na Paghawak ng Long Gun	19
Mga Bala	22
Pisika ng Pagpapaputok ng Baril	23
Mga Caliber ng Baril at Bala	23
Mapanganib na Distansya.....	24
Mga Aberya.....	24
PAGMAMAY-ARI NG BARIL	26
Unawain ang mga Aspeto ng Kaligtasan ng Iyong Baril	26
Basahing Mabuti ang Lahat ng Materyales na Naglalaman ng mga Tagubilin	26
Mag-enroll sa isang Kurso sa Pagsasanay sa Baril	26
Paglilinis at Pagkukumpuni	26
Mga Device para sa Kaligtasan at Pagtatago	27
Mga Paraan upang Hindi Maabot ng mga Bata ang Baril	28
MGA IPINAGBABAWAL NA PAGLILIPAT NG BARIL AT STRAW PURCHASE.....	30
MGA BATAS TUNGKOL SA MGA BARIL	31
Panimula sa mga Batas	31
Pagbebenta at Paglilipat ng mga Baril	31
Requirement para sa mga Bagong Residente ng California	33
Mga Baril na Pribadong Minanupaktura.....	33
Pagdadala ng Nakakubling Armas.....	34
Mga Baril sa mga Common Carrier	34
Mga Baril sa Tahanan, Negosyo, o Campsite	35
Paggamit ng Nakamamatay na Puwersa sa Pagtatanggol sa Sarili	35
Mga Baril na may Bala sa Pamublikong Lugar	36
Mga Large-Capacity Magazine	36
Pagtatago ng Baril Habang May Pagbabawal	36
Iba't Ibang Ipinagbabawal na Gawain	37
Mga Taong Hindi Kwalipikadong Magtaglay ng mga Baril	39
GLOSSARY NG PAGPAPAKITA NG LIGAS NA PAGHAWAK	42

PANIMULA

Bakit Mahalaga ang Kaligtasan sa Paggamit ng Baril?

Mahalaga sa lahat ng taga-California ang kaligtasan sa paggamit ng baril. Walang sinuman ang nagnanais na magkaroon ng aksidenteng kinasasangkutan ng baril, ngunit nangyayari pa rin ang mga ito araw-araw. Higit na nakababahala ang mga aksidente sa baril na kinasasangkutan mga bata. Ipinapakita ng mga pag-aaral na ang madaling pagkuha sa mga baril na may bala sa mga tahanan ay kadalasang salik na nagdudulot ng mga aksidenteng pamamaril sa mga bata.

Bagama't maaaring walang paraan upang lubos na magarantiya ang kaligtasan, makakagawa ng mga hakbang ang mga may-ari ng baril upang makatulong na maiwasan ang maraming aksidenteng pamamaril. Ang gabay sa pag-aaral na ito ay magbibigay sa inyo ng mahalagang impormasyon upang matulungan kang maging ligtas at responsableng may-ari ng baril.

Ang Kaligtasan sa Paggamit ng Baril ay ang Batas

Layunin ng Lehislatura ng California sa pagpapasa ng batas tungkol sa FSC na matiyak na ang mga indibidwal na kumukuha ng mga baril ay may pangunahing pagkakabatid sa mga baril na iyon, kabilang ngunit hindi limitado sa, ligtas na paghawak at pagtatago ng mga ito. Hindi layunin ng Lehislatura na atasan ang isang tao na magkaroon ng FSC dahil lamang sa pagkakaroon ng baril. (Pen. Code, § 31610.)

Ang mga baril ay dapat gamitin nang responsable at itago nang ligtas upang hindi ito makuha ng mga bata at iba pang taong walang pahintulot na gumamit nito. May mahihigpit na batas ang California tungkol sa mga baril, at maaari kang pagmultahin o makulong kung hindi mo susundin ang mga ito. Bisitahin ang website ng Attorney General ng California sa oag.ca.gov/firearms para sa impormasyon tungkol sa mga batas sa mga baril na naaangkop sa iyo at kung paano mo masusunod ang mga ito.

Impormasyon tungkol sa Sertipiko sa Kaligtasan sa Baril

Upang makakuha ng FSC, dapat mong kunin ang nakasulat na pagsusulit ng DOJ at makakuha ng pasadong marka na hindi bababa sa 75% (ang impormasyong kailangan upang makapasa sa pagsusulit ay nakapaloob sa gabay sa pag-aaral na ito).

Valid ang FSC sa loob ng limang taon mula sa petsa ng pagkakaloob nito. Kung mawala, manakaw, o masira ang iyong FSC, maaari kang kumuha ng kapalit mula sa Sertipikadong Instruktor ng DOJ na nag-isyu ng iyong orihinal na FSC.

Alinsunod sa seksyon 31700 ng Penal Code, may mga pagbubukod sa kinakailangan para sa FSC kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga sumusunod:

- Mga Kolektor na may Pederal na Lisensya para sa mga Baril na may Sertipiko ng Pagiging Kwalipikado (para lamang sa mga transaksyong Curio and Relic);
- Mga aktibong miyembro, aktibong reservist, o nagretiro mula sa serbisyong militar nang walang anumang kaso o parusa;
- Mga may hawak ng permit na Pagdadala ng Nakakubling Armas (Carry Concealed Weapon o CCW); at
- Mga taong nakatapos ng Mga Pamantayan at Pagsasanay para sa mga Peace Officer (Peace Officers Standards and Training o POST) (Pen. Code, § 832).

Para sa kumpletong listahan ng mga exemption, bisitahin ang website ng DOJ sa oag.ca.gov/firearms o makipag-ugnayan sa linya para sa Pangkalahatang Impormasyon ng Kawanihan ng mga Baril ng DOJ sa (916) 210-2300. Kinakailangan mong magbigay sa dealer ng baril ng dokumentasyong nagpapatunay ng iyong exemption sa tuwing kukuha ka ng baril.

Mga Sanhi ng mga Aksidenteng Kinasasangkutan ng Baril

Ang kakulangan sa kaalaman at kapabayaan ay mga pangunahing sanhi ng mga aksidenteng kinasasangkutan ng baril. Upang makatulong na mabawasan ang bilang ng mga aksidenteng kinasasangkutan ng baril, napakahalagang maunawaan at palaging sundin ng bawat miyembro ng pamilya ang mga tuntunin sa kaligtasan sa paggamit ng baril.

Narito ang ilang halimbawa ng mga aksidenteng kinasasangkutan ng baril na maaaring maiwasan kung susundin ang mga pangunahing tuntunin sa kaligtasan sa paggamit ng baril:

Dalawang batang naglalaro sa kanilang tahanan ang nakakita ng handgun na may bala sa ibabaw ng mesang katabi ng kama ngunit walang magazine. Nasugatan ang isang bata nang pumutok ang handgun.

Inakala ng isang may-ari ng handgun na walang bala ang baril. Habang nililinis niya ito, aksidente niyang napaputok ang handgun at nasugatan ang kanyang sarili.

Naglalakad ang isang mangangaso habang bahagyang nakapatong ang kanyang daliri sa gatilyo ng kanyang riple. Nang mabaling ang kanyang pansin ng biglaang ingay sa likuran niya, lumington siya at aksidenteng napaputok ang baril, kaya nasugatan ang kasama niyang naglalakad sa malapit.

Hindi sapat na alam mo ang mga tuntunin sa kaligtasan at sinusunod ang mga ito nang madalas. Maaaring mangyari ang mga aksidenteng kinasasangkutan ng baril kahit sa taong nakaaalam ng mga tuntunin sa kaligtasan ngunit pabaya sa pagsunod sa mga ito. Halimbawa, maaaring isipin mong maaari mong iwan sandali sa mesa sa kusina ang iyong baril na may bala para lumabas at patayin ang hose sa bakuran. Bagama't alam mong hindi mo dapat iwan ang baril sa lugar kung saan maaari itong makita ng isang bata, dahil sa kapabayaan ay maaari mong isipin na ayos lang ito “sa pagkakataong ito lamang.”

TANDAAN: Ang kakulangan sa kaalaman at kapabayaan ay maaaring magresulta sa mga aksidenteng kinasasangkutan ng baril. Dapat sundin SA LAHAT NG ORAS ang mga pangunahing tuntunin sa kaligtasan sa paggamit ng baril.

Pag-iwas sa mga Trahedyang Dulot ng Maling Paggamit

Isang katotohanan na bawat taon, maraming taong nakararanas ng depresyon, pagkalasing, mga problema sa pag-abuso sa bawal na gamot, o matinding galit ang namamatay dahil sa pagpapatiwakal gamit ang mga baril, na kadalasan ay mga handgun. Dahil sa mga usaping may kaugnayan sa pag-unlad sa panahon ng pagdadalaga at pagbibinata, mas madaling malagay sa panganib ng pagpapatiwakal ang mga teenager. Ang ligtas at responsableng pagtatago ng baril ay makatutulong na maiwasan ang mga trahedya, lalo na kapag may miyembro ng sambahayan na nakararanas ng isa sa mga kondisyong ito.

Mga Dahilan at Panganib ng Pagmamay-ari ng Baril

Ang pagkakaroon ng mga baril sa tahanan ay maaaring magpataas ng panganib na mamatay ang isang miyembro ng sambahayan dahil sa pagpapatiwakal, pagpatay, o hindi sinasadyang pinsala dahil madaling makuha ang baril.

Ayon sa Gun Violence in California Fact Sheet na inilathala ng EVERYTOWN na¹:

- Sa karaniwang taon, 3,332 katao ang namamatay at 9,787 ang nasusugatan dahil sa mga baril sa California. Ang California ang ika-32 sa pinakamataas na antas ng karahasang dulot ng baril sa U.S.
- Sa karaniwan, 1,610 katao sa California ang namamatay bawat taon dahil sa pagpapatiwakal gamit ang baril—katumbas ng 3.8 pagpapatiwakal sa bawat 100,000 katao.
- Sa karaniwan, 1,674 katao sa California ang namamatay bawat taon dahil sa pagpatay gamit ang baril—katumbas ng 4.3 pagpatay sa bawat 100,000 katao.
- Ang mga baril ang pangalawang pangunahing sanhi ng pagkamatay ng mga bata at teenager sa California. Sa California, sa karaniwan ay 272 bata at teenager ang namamatay bawat taon dahil sa mga baril. Sa mga pagkamatay na ito, 21% ay dahil sa pagpapatiwakal at 75% ay dahil sa pagpatay.
- Noong 2021, 45 kababaihan sa California ang namatay matapos barilin ng kanilang asawa o kinakasama. Sa mga babaeng biktima ng pagpatay ng asawa o kinakasama, 49% ang napatay gamit ang baril.
- Ang California ang ika-45 sa pinakamataas na gastos sa lipunan dahil sa karahasang dulot ng baril sa U.S., na nagkakahalaga ng \$1,060 bawat residente kada taon. Ang karahasang dulot ng baril ay nagkakahalaga sa California ng \$41.9 bilyon bawat taon, kung saan \$1.1 bilyon ang binabayaran ng mga taxpayer.

Ipinapakita ng iba pang mga pag-aaral na mahigit kalahati ng mga pagkamatay ng mga bata at kabataan dahil sa aksidenteng pinsalang dulot ng baril ay nangyari sa kanilang tahanan; ang paglalaro ng baril o pagpapakita nito sa ibang tao ang pinakakaraniwang dahilan na humantong sa insidente. Sa pangkalahatan, ang mga baril na nasangkot sa mga pagkamatay dahil sa hindi sinasadyang pinsala ay kadalasang nakatago na may bala (74%) at hindi naka-lock (76%), at pinakamadalas na nakukuha mula sa mga nightstand at iba pang lugar na tinutulugan.²

Napakahalaga na malinaw na maunawaan at mabatid ng mga may-ari ng baril ang mga salik na nagpapataas ng panganib na dulot ng pagmamay-ari ng baril.

Pagiging Ligtas at Responsableng May-ari ng Baril

Ang pagiging ligtas na may-ari ng baril ay tulad ng pagiging ligtas na driver—kailangan mong pagsamahin ang mahusay na kaalaman sa baril, mga pangunahing kasanayan sa paggamit nito, at pag-iisip na nakatuon sa ligtas at responsableng paggamit at pagtatago nito.

Nangangahulugan ito na dapat mayroon kang:

- Paggalang sa panganib na dulot ng mga baril;
- Kamalayan at pagmamalasakit sa mga posibleng panganib sa kaligtasan na may kaugnayan sa mga baril; at
- Hangaring matutunan at maisagawa ang ligtas na paghawak at paggamit ng mga baril.

Ang pagkakaroon ng pag-iisip na nakatuon sa ligtas at responsableng paggamit at pagtatago ng baril ang unang hakbang upang maging responsableng may-ari ng baril. Ang susunod na hakbang ay palawakin ang iyong kaalaman tungkol sa mga baril at kaligtasan sa paggamit ng baril, na magagawa mo sa pamamagitan ng pagbabasa at pag-unawa sa impormasyong nasa gabay sa pag-aaral na ito. Ang mga huling hakbang ay ang maging bihasa sa paghawak ng mga baril at maisagawa ang kaalaman tungkol sa kaligtasan na iyong natutunan.

1 everystat.org/wp-content/uploads/2019/10/California_2024-October.pdf

2 cdc.gov/mmwr/volumes/72/wr/mm7250a1.htm

Ipakikilala sa iyo ng kabanatang ito ang mga partikular na tuntunin sa kaligtasan sa baril upang mas maunawaan mo ang kaligtasan sa baril.

Anim na Pangunahing Tuntunin sa Kaligtasan sa Baril

May anim na pangunahing tuntunin sa kaligtasan sa baril na dapat maunawaan at palaging sundin ng mga may-ari ng baril:

1. Ituring ang lahat ng baril na parang may bala.
2. Palaging itutok ang baril sa pinakaligtas na posibleng direksyon.
3. Huwag ilagay ang iyong daliri sa gatilyo hangga't hindi ka handang bumaril.
4. Alamin ang iyong target, ang paligid nito, at kung ano ang nasa likod nito.
5. Alamin kung paano wastong gamitin ang iyong baril.
6. Itago ang iyong baril nang ligtas at maayos upang maiwasan ang paggamit nito ng mga taong walang pahintulot. Dapat magkahiwalay na itago ang mga baril at bala.

1. Ituring ang lahat ng baril na parang may bala.

- Palaging ipagpalagay na may bala ang isang baril kahit na sa tingin mo ay wala itong bala.
- Sa tuwing hahawakan ang isang baril sa anumang dahilan, tiyaking wala itong bala. Para sa mga partikular na tagubilin kung paano alisin ang bala sa isang baril, tingnan ang Kabanata 3.
- Kung hindi mo kayang tiyakin kung walang bala ang isang baril, huwag itong galawin at humingi ng tulong sa isang taong mas may kaalaman tungkol sa mga baril.

2. Palaging itutok ang baril sa pinakaligtas na posibleng direksyon.

- Laging alamin kung saan nakatutok ang baril. Ang “ligtas na direksyon” ay isang direksyon kung saan ang aksidenteng pagputok ng baril ay hindi magdudulot ng pinsala sa tao o ari-arian.
- Itutok lamang ang baril sa bagay na balak mong barilin.
- Huwag kailanman itutok ang baril sa iyong sarili o sa ibang tao.

3. Huwag ilagay ang iyong daliri sa gatilyo hangga't hindi ka handang bumaril.

- Palaging ilayo ang iyong daliri sa gatilyo at panatilihin ito sa labas ng trigger guard hangga't hindi ka handang bumaril.
- Kahit na maaaring komportableng ipatong ang iyong daliri sa gatilyo, hindi ito ligtas.
- Kung gumagalaw ka habang nakapatong ang iyong daliri sa gatilyo at matisod o matumba ka, maaari mong aksidenteng makalabit ang gatilyo.
- Ang biglaang malalakas na ingay o paggalaw ay maaaring maging sanhi ng aksidenteng pagputok ng baril dahil likas na naninigas ang mga kalamnan kapag nagugulat.
- Ang gatilyo ay para sa pagpapaputok; ang hawakan ay para sa paghawak.

4. Alamin ang iyong target, ang paligid nito, at kung ano ang nasa likod nito.

- Tiyaking ligtas ang mga lugar sa harap at likod ng iyong target bago bumaril.
- Tandaan na kung hindi tamaan ng bala ang target o tuluyang tumagos dito, maaari itong tumama sa isang tao o bagay.
- Tukuyin ang target at tiyaking ito talaga ang balak mong barilin. Kung nag-aalinlangan ka, HUWAG BUMARIL!
- Huwag kailanman magpaputok sa isang target na galaw lamang, kulay, tunog, o hugis na hindi mo matukoy.

- Alamin kung nasaan ang lahat ng taong nasa paligid mo bago ka bumaril.

5. Alamin kung paano wastong gamitin ang iyong baril.

- Mahalagang maging lubos na pamilyar sa iyong baril. Dapat mong malaman ang mga mekanikal na katangian nito, kabilang ang wastong pagkakarga at pag-aalis ng bala at kung paano ayusin ang aberya sa iyong baril.
- Malinaw na hindi magkakapareho ang mekanismo ng lahat ng baril. Huwag ipagpalagay na ang naaangkop sa isang tatak o modelo ay eksaktong naaangkop din sa iba.
- Ang mga tanong tungkol sa operasyon ng iyong baril ay dapat mong itanong sa iyong dealer ng baril o direktang makipag-ugnayan sa manufacturer.

6. Itago ang iyong baril nang ligtas at maayos upang maiwasan ang paggamit nito ng mga taong walang pahintulot. Dapat magkahiwalay na itago ang mga baril at bala.

- Kahit wala sa iyong mga kamay ang baril, dapat mo pa ring isipin ang kaligtasan.
- Gumamit ng aparatong pangkaligtasan para sa baril na aprubado ng California, gaya ng trigger lock o cable lock, upang hindi ito mapaputok.
- Itago ang iyong baril nang walang bala sa isang naka-lock na lalagyan, gaya ng lockbox o safe para sa baril na aprubado ng California.
- Itago ang iyong baril sa lugar na hiwalay sa pinaglalagyan ng mga bala.
- Para sa pinakamataas na antas ng kaligtasan, dapat kang gumamit kapwa ng locking device at naka-lock na lalagyan para sa pagtatago ng baril.

Mga Karagdagang Paalala sa Kaligtasan

Ang anim na pangunahing tuntunin sa kaligtasan ang nagsisilbing pundasyon ng kaligtasan sa baril. Gayunpaman, may mga karagdagang paalala sa kaligtasan na hindi dapat balewalain:

- Huwag kailanman humawak ng baril kapag matindi ang iyong emosyon, gaya ng kapag galit o nanlulumo. Maaaring maapektuhan ang iyong kakayahang magpasya nang tama.
- Huwag kailanman magpaputok ng baril sa ere bilang bahagi ng pagdiriwang (halimbawa, tuwing Ikaapat ng Hulyo o Bisperas ng Bagong Taon). Hindi lamang ito mapanganib, kundi karaniwan ding labag sa batas. Ang bala na pinaputok sa ere ay maaaring bumagsak pabalik sa lupa nang may sapat na bilis upang magdulot ng pinsala o kamatayan.
- Huwag bumaril sa tubig o sa patag o matigas na mga ibabaw. Maaaring tumalbog ang bala at tumama sa isang tao o bagay maliban sa target.
- Labot lamang ang iyong baril sa ibang tao pagkatapos mong matiyak na wala itong bala at nakabukas ang cylinder o action nito. Tumanggap lamang ng baril mula sa ibang tao pagkatapos mong matiyak na wala itong bala at nakabukas ang cylinder o action nito.
- Hindi dapat pagsabayin ang paghawak ng baril at paggamit ng alak o droga. Maaaring makaapekto nang masama ang alak at droga sa kakayahang magpasya nang tama, gayundin sa koordinasyon ng katawan. Ang alak at anumang iba pang bawal na gamot ay maaaring makapinsala sa normal na paggana ng isip o katawan at hindi dapat gamitin bago o habang humahawak ng mga baril. Iwasang humawak at gumamit ng iyong baril kapag umiinom ka ng mga gamot na nagdudulot ng antok o may babala na huwag magpatakbo ng makinarya habang iniinom ang gamot.
- Ang malakas na ingay mula sa pagputok ng baril ay maaaring makapinsala sa pandinig, at ang mga debri at mainit na gas na madalas na ibinubuga nito ay maaaring makapinsala sa mga mata. Palaging magsuot ng proteksyon sa tainga at mata kapag nagpapaputok ng baril.

KABANATA 1: PAGSUSULIT SA SARILI

1. Ang ligtas na paraan kapag humahawak ng baril ay ang pagpapanatili ng iyong daliri sa labas ng trigger guard o sa gilid ng baril hangga't hindi ka handang bumaril. (pahina 4)
Tama Mali
2. Upang “malaman ang iyong target, ang paligid nito, at kung ano ang nasa likod nito,” dapat mong isaalang-alang na kung hindi tamaan ng bala ang target o tuluyang tumagos dito, maaari itong tumama sa isang tao o bagay. (pahina 4)
Tama Mali
3. Ligtas ang pag-inom ng alak habang humahawak ng mga baril kung ang antas ng alkohol sa iyong dugo ay nananatiling mas mababa sa legal na limitasyon. (pahina 5)
Tama Mali
4. Alin sa mga sumusunod na paalala sa kaligtasan ang dapat mong tandaan kapag humahawak ng baril? (pahina 5)
 - A. Huwag kailanman magpaputok ng baril sa ere bilang bahagi ng pagdiriwang.
 - B. Huwag magpaputok sa tubig o sa patag o matigas na mga ibabaw.
 - C. Magsuot ng proteksyon sa tainga at mata kapag nagpapaputok ng baril.
 - D. Lahat ng nabanggit.
5. Bilang hakbang sa kaligtasan, dapat palaging nakatutok ang iyong baril: (pahina 4)
 - A. Sa hilaga.
 - B. Sa pinakaligtas na posibleng direksyon.
 - C. Paitaas.
 - D. Pababa.
6. Isa sa mga tuntunin sa kaligtasan ay ang malaman kung paano wastong: (pahina 5)
 - A. Ayusin ang aberya.
 - B. Gamitin ang iyong baril.
 - C. Kargahan ng bala ang iyong baril.
 - D. Linisin ang iyong baril.

Sagot: 1: Tama, 2: Tama, 3: Tama, 4: D, 5: B, 6: B

Responsibilidad ng May-ari ng Baril

Responsibilidad ng may-ari ng baril na gawin ang lahat ng posibleng hakbang upang matiyak na hindi maaabot o makukuha ng isang bata ang mga baril. Sa katunayan, ang responsibilidad na ito ay itinatakda ng batas ng California. Ang pangunahing tuntuning dapat palaging sundin ay ang ligtas at responsableng pagtatago ng iyong baril sa lahat ng oras. Bilang may-ari ng baril, dapat mong malaman ang mga batas tungkol sa mga bata at mga baril.

Buod ng mga Batas sa Ligtas na Pagtatago Kaugnay ng mga Bata

Maaari kang mapatunayang nagkasala ng maliit o mabigat na krimen kung mayroon kang baril sa anumang lugar na nasa ilalim ng iyong pangangalaga o kontrol at nakuha at ginamit ito ng isang batang wala pang 18 taong gulang, na nagresulta sa pinsala o kamatayan, o dinala ito ng bata sa isang pampublikong lugar. Sumangguni sa pahina 27 at 28 para sa mas partikular na impormasyon tungkol sa mga batas sa ligtas na pagtatago ng baril kaugnay ng mga bata.

Walang Pag-iingat ang Sasapat Pagdating sa mga Bata at Baril

Walang tinatawag na sapat na pag-iingat pagdating sa mga bata at mga baril. Huwag ipagpalagay na dahil lamang maaaring kulang ang lakas ng daliri ng isang batang paslit ay hindi na niya kayang kalabitin ang gatilyo. Ang hinlalaki ng isang bata ay may dobleng lakas kumpara sa iba niyang mga daliri. Kapag itinutulak ng isang batang paslit ang gatilyo gamit ang hinlalaki, karaniwang direktang nakatutok sa mukha ng bata ang dulo ng baril. HUWAG KAILANMAN mag-iwan ng baril na nakalagay lamang kung saan-saan sa loob ng bahay.

Dapat pa ring sundin ang mga pag-iingat para sa kaligtasan ng mga bata kahit wala kang anak o malalaki na ang iyong mga anak at hindi na nakatira sa inyong bahay. Maaaring bumisita ang isang pamangkin, anak ng kapitbahay, o apo. Palaging sundin ang mga tuntunin sa kaligtasan sa paggamit ng baril.

Upang maiwasan ang pinsala o kamatayang dulot ng hindi wastong pagtatago ng mga baril sa tahanan ng malamang na may mga bata, dapat itago ang lahat ng baril nang walang bala at sa ligtas na lugar. Dapat itago ang mga bala sa lugar na hiwalay sa pinaglalagyan ng baril.

Pakikipag-usap sa mga Bata Tungkol sa mga Baril

Likas na mausisa ang mga bata tungkol sa mga bagay na hindi nila alam o sa tingin nila ay “ipinagbabawal.” Kapag nagtatanong ang isang bata o nagsisimulang “magkunwaring naglalaro ng baril,” maaari mong tugunan ang kanyang pagkamausisa sa pamamagitan ng pagsagot sa kanyang mga tanong nang tapat at bukas hangga’t maaari. Makakatulong ito upang mawala ang pagiging misteryoso nito at mabawasan ang likas na pagkamausisa. Mahalaga ring tandaan na kausapin ang mga bata sa paraang maiuugnay nila sa kanilang karanasan at madaling mauunawaan. Napakahalaga nito, lalo na kapag itinuturo sa mga bata ang pagkakaiba ng “totoo” at “kunwari lamang.” Ipaalam sa mga bata na kahit maaaring magkamukha ang mga ito, ibang-iba ang tunay na baril sa laruang baril. Ang tunay na baril ay maaaring makasakit o makapatay ng tao kapag nabaril.

Ituro ang Kahalagahan ng Kaligtasan at Responsibilidad

Ayon sa American Academy of Pediatrics, ang panahon ng pagdadalaga at pagbibinata ay isang yugto ng buhay kung kailan lubhang madaling maapektuhan ang mga teenager habang sinisikap nilang mabuo ang kanilang pagkakakilanlan, pagiging malaya, at kakayahang magpasya para sa sarili. Likas na mausisa ang mga bata at wala pa silang sapat na kamalayan sa maraming panganib sa kanilang paligid.

Kaya naman, maaaring hindi sapat ang mga paulit-ulit na babala upang mapanatiling ligtas ang mga teenager at bata, lalo na kung ang mga ginagawa ng matatanda ay salungat sa mga ibinibigay nilang payo. Ang paraang “gawin mo ang sinasabi ko, hindi ang ginagawa ko” pagdating sa kaligtasan sa paggamit ng baril ay kapwa iresponsable at mapanganib.

Tandaan na mas makapangyarihan ang kilos kaysa sa salita. Higit na natututo ang mga bata sa pagmamasid sa matatandang nasa paligid nila. Sa pamamagitan ng palaging pagsunod sa mga ligtas na gawain, tinuturuan mo rin ang mga bata na gawin ang mga ito.

Mga Tuntunin para sa mga Bata

Dapat malaman ng mga nasa hustong gulang na maaaring makakita ng baril ang isang bata kapag wala ang magulang o ibang nakatatanda. Maaaring mangyari ito sa sariling tahanan ng bata; sa tahanan ng kapitbahay, kaibigan, o kamag-anak; o sa pampublikong lugar gaya ng paaralan o parke. Kung mangyari ito, dapat malaman ng bata ang mga sumusunod na tuntunin at maturuang sundin ang mga ito.

1. Huminto

Ang unang tuntuning dapat sundin ng isang bata kapag nakakita siya ng baril ay huminto sa anumang ginagawa niya.

2. Huwag Hawakan!

Ang ikalawang tuntunin ay huwag hawakan ng bata ang anumang baril na makita niya. Maaaring isipin ng isang bata na ang pinakamabuting gawin kapag nakakita siya ng baril ay pulutin ito at dalhin sa isang nakatatanda. Kailangang malaman ng bata na HINDI NIYA KAILANMAN DAPAT hawakan ang anumang baril na makita niya.

3. Umalis sa Lugar

Ang ikatlong tuntunin ay agad na umalis sa lugar. Kabilang dito ang hindi kailanman pagtatangkang kunin ang baril mula sa ibang bata o pigilan ang sinuman sa paggamit ng baril.

4. Sabihin sa Isang Nasa Hustong Gulang

Ang huling tuntunin ay sabihin ng bata sa isang nasa hustong gulang ang tungkol sa baril na nakita niya. Kabilang dito ang mga pagkakataong may ibang mga batang naglalaro o nagpapaputok ng baril.

Pakitandaan na bagama't sa kasalukuyan ay wala nang mas mainam na payo para sa mga bata o teenager na hindi sinasadyang makakita ng baril, iniulat ng California Chapter ng American College of Emergency Physicians na maaaring hindi sapat ang mga babalang ito lamang bilang mga hakbang upang maiwasan ang mga aksidente sa mga bata at teenager.

KABANATA 2: PAGSUSULIT SA SARILI

1. Kulang ang lakas ng mga batang paslit upang kalabitin ang gatilyo ng baril. (pahina 7)
Tama Mali
2. Maaari kang maharap sa kasong misdemeanor o felony kung mayroon kang baril sa lugar kung saan maaari itong makuha at magamit nang hindi wasto ng isang bata. (pahina 7)
Tama Mali
3. Walang tinatawag na sapat na pag-iingat pagdating sa mga bata at mga baril. (pahina 7)
Tama Mali
4. Isang mahalagang aral na dapat matutunan ng mga bata ay hindi laruan ang mga baril. (pahina 7)
Tama Mali
5. Ang apat na “Mga Tuntunin para sa mga Bata” para sa kaligtasan kapag nakakita sila ng baril ay: (pahina 9)
A. _____
B. _____
C. _____
D. _____
6. Ang mga pag-iingat para sa kaligtasan ng mga bata ay naaangkop lamang kung mayroon kang mga anak. (pahina 7)
Tama Mali

Sagot: 1: Mali, 2: Tama, 3: Tama, 4: Tama, 5: A. Tumigil, B. Huwag Hawakan, C. Umalis sa Lugar, D. Sabihin sa Isang Nasa

Pagpapakita ng Ligtas na Paghawak

Alinsunod sa mga seksyon 26850 at 26860 ng Penal Code, bago tanggapin ang isang baril mula sa isang lisensiyadong dealer ng baril sa California, dapat wastong magsagawa ang isang tao ng pagpapakita ng ligtas na paghawak gamit ang baril na kanyang kukunin. Ang pagpapakita ng ligtas na paghawak ay dapat isagawa sa harap ng isang Sertipikadong Instruktor ng DOJ sa petsa o pagkatapos ng petsa kung kailan isinumite sa DOJ ang Talaan ng Pagbebenta ng Dealer (Dealer Record of Sale o DROS), at bago ibigay ang baril. Nakalista sa seksyong ito ang bawat hakbang na bumubuo sa mga pagpapakita ng ligtas na paghawak na itinatakdang batas para sa mga pinakakaraniwang uri ng handgun (mga semiautomatic pistol, double-action revolver, at single-action revolver). Kasama rin sa seksyong ito ang mga hakbang sa pagpapakita ng ligtas na paghawak para sa karamihan ng mga uri ng long gun. Gayunpaman, hindi lalabas ang impormasyong ito sa nakasulat na pagsusulit ng DOJ tungkol sa kaligtasan sa paggamit ng baril. Pakitandaan na ang dummy round na binabanggit sa gabay na ito ay tumutukoy sa isang matingkad na kulay orange, pula, o iba pang dummy round na madaling makilala. Kung walang available na dummy round na madaling makilala, maaaring gumamit ng basyo ng cartridge na walang laman ang primer pocket.

Ang pagpapakita ng ligtas na paghawak ay dapat simulan nang walang bala ang baril at naka-lock ito gamit ang safety device ng baril na kinakailangang kasama nito sa pagbibigay, kung naaangkop. Habang palaging pinananatili ang kamalayan sa direksyon ng muzzle (ibig sabihin, nakatutok ang baril sa ligtas na direksyon, mas mainam na pababa sa lupa) at wastong posisyon ng daliri sa gatilyo (ibig sabihin, nasa labas ng trigger guard ang daliri sa gatilyo at nakalapad sa gilid ng frame ng baril), dapat wasto at ligtas na isagawa ng tatanggap ng baril ang mga hakbang sa pagpapakita ng ligtas na paghawak para sa bawat uri ng baril.

Mga Bahagi at Paggamit ng Revolver

Kung Paano Gumagana ang Revolver

Ang revolver ay may umiikot na cylinder na naglalaman ng ilang chamber. Karaniwang may lima o anim na chamber. Sa pagkilos ng gatilyo o hammer, pumapantay ang isang chamber sa barrel at firing pin. Kapag binitawan ang cylinder latch, bumubukas palabas ang cylinder upang magkarga o mag-alis ng bala at magsagawa ng inspeksyon.

Ang mga revolver ay maaaring single-action o double-action. Ang pangunahing pagkakaiba ng dalawang uri ng revolver na ito ay ang paggana ng gatilyo. Sa single-action revolver, iisa ang tungkulin ng gatilyo—ang pakawalan ang hammer. Sa double-action revolver, dalawa ang tungkulin ng gatilyo—ang i-cock ang hammer at pakawalan ito.

Double-Action Revolver



Ligtas na Paghawak ng Double-Action Revolver



1

Buksan ang cylinder.



2

Biswal at pisikal na suriin ang bawat chamber upang matiyak na walang bala ang revolver.



3

Alisin ang safety device ng barrel. Kung nahahadlangan ng safety device ng barrel ang alinman sa mga naunang hakbang, itaon na huwag paganahin ang safety device ng barrel sa naaangkop na hakbang.



4

Habang pinananatili ang pansin sa direksyon ng muzzle at wastong posisyon ng daliri sa gatilyo, magkarga ng isang dummy round sa isang chamber ng cylinder at paikutin ang cylinder upang mailagay ang round sa posisyong susunod na puputok.



5

Isara ang cylinder.



6

Buksan ang cylinder at ilabas ang round gamit ang ejector.



7

Biswal at pisikal na suriin ang bawat chamber upang matiyak na walang bala ang revolver.



8

Paganahin ang safety device ng baril, kung naaangkop.

TANDAAN: Ang simpleng pag-ikot ng cylinder ng revolver sa isang chamber na walang bala ay hindi nangangahulugang wala nang bala ang revolver o ligtas na itong hawakan. Umiikot ang cylinder patungo sa susunod na chamber bago bumagsak ang hammer.

Ligtas na Paghawak ng Single-Action Revolver



1

Buksan ang loading gate. Biswal at pisikal na suriin ang bawat chamber upang matiyak na walang bala ang revolver.



2

Alisin ang safety device ng barrel. Kung nahahadlangan ng safety device ng barrel ang alinman sa mga naunang hakbang, itaon na huwag paganahin ang safety device ng barrel sa naaangkop na hakbang.



3

Magkarga ng isang dummy round sa isang chamber ng cylinder, isara ang loading gate, at paikutin ang cylinder upang mailagay ang round sa posisyong susunod na puputok (maaaring kailangang ilagay sa half-cock ang revolver o muling buksan ang loading gate).



4

Buksan ang loading gate at alisin ang bala sa revolver.



5

Biswal at pisikal na suriin ang bawat chamber upang matiyak na walang bala ang revolver.



6

Paganahin ang safety device ng baril, kung naaangkop.

Tuntunin ng 1873: Ang mga tatanggap ng mga orihinal na bersyon ng single-action army revolver ay dapat payuhang magkarga lamang ng limang round sa cylinder at panatilihing walang laman ang chamber na nasa ilalim ng hammer.

Mga Bahagi at Paggamit ng Semiautomatic Pistol

Kung Paano Gumagana ang Semiautomatic Pistol

Ang semiautomatic pistol ay may iisang chamber. Sa bawat pagkalabit sa gatilyo, pumuputok ang isang cartridge, awtomatikong inilalabas ang basyo, naka-cock ang hammer, at isang bagong cartridge ang naipapasok sa chamber.

Ang pangunahing pagkakaiba ng mga revolver at semiautomatic pistol ay kung paano nakalagay ang mga bala sa mga ito. Gumagamit ang mga revolver ng cylinder upang lagyan ng mga bala. Gumagamit ang mga semiautomatic pistol ng magazine upang lagyan ng mga bala. Ang magazine ay isang hiwalay na lalagyang metal na hugis-kahon kung saan ikinakarga ang mga cartridge. Karaniwan itong matatagpuan sa loob ng grip. Isang button o catch ang ginagamit upang alisin ang magazine.

Ang isa pang pagkakaiba ay ang karamihan sa mga semiautomatic pistol ay may “safety” na idinisenyo upang pigilan ang pagputok kapag pinapagana ito. Gayunpaman, hindi ito ganap na maaasahan, kaya huwag umasa sa safety upang maiwasan ang aksidenteng pagputok. Ang safety ay dapat ituring na karagdagang hakbang sa kaligtasan.

Huwag kailanman kalabitin ang gatilyo ng anumang baril habang nasa posisyong “safe” ang safety dahil maliban sa posisyong ito, maaaring pumutok ang baril anumang oras kahit hindi na mahawakan ang gatilyo. Kung mabitawan at mahulog ang baril, maaari itong bumagsak nang malakas at ma-activate ang mekanismo ng pagpapaputok kahit hindi mahawakan ang gatilyo.

Semiautomatic Pistol



Ligtas na Paghawak ng Semiautomatic Pistol



1

Alisin ang magazine.



2

I-lock ang slide sa nakabukas na posisyon. Kung hindi maaaring i-lock sa nakabukas na posisyon ang slide ng modelo ng baril, hilahin ang slide paatras. Biswal at pisikal na suriin ang chamber upang matiyak na wala itong laman at walang bala.



3

Huwag paganahin ang safety device ng baril. Kung nahahadlangan ng safety device ng baril ang alinman sa mga naunang hakbang, itaon na huwag paganahin ang safety device ng baril sa naaangkop na hakbang.



4

Magkarga ng isang dummy round sa magazine.



5

Ipasok ang magazine sa magazine well ng baril.



6

Gamitin ang slide release o hilahin paatras at bitawan ang slide.



7

Alisin ang magazine.



8

Biswal na suriin ang chamber upang makita na maaaring may round na nakapasok sa chamber kahit na naalis na ang magazine.



9

I-lock ang slide sa likurang posisyon upang mailabas ang dummy round. Kung ang modelo ng baril ay hindi maaaring i-lock ang slide sa nakabukas na posisyon, hilahin paatras ang slide at pisikal na suriin ang chamber upang matiyak na wala itong laman.



10

Paganahin ang safety, kung naaangkop.



11

Paganahin ang safety device ng baril, kung naaangkop.

TANDAAN: Kung pakakawalan mo ang slide bago ipasok ang magazine, **WALANG** cartridge sa chamber.

BABALA

HUWAG KAILANMAN ipagpalagay na walang bala ang isang semiautomatic pistol dahil lamang sa naalis ang magazine. Maaaring may cartridge pa rin sa chamber, kaya mapanganib pa rin ang baril. Sundin ang mga hakbang na ito upang ligtas na matiyak na walang bala ang pistol:

1. Itutok ang baril sa ligtas na direksyon.
2. Alisin Muna ang Magazine: Palaging alisin ang magazine sa pistol bago magpatuloy.
3. Suriin ang Chamber: Hawakan ang mga serration ng slide at hilahin nang sagad paatras ang slide upang alisin ang anumang cartridge na nasa chamber. I-lock ang slide sa likurang posisyon sa pamamagitan ng pagtulak pataas sa slide stop. Suriin ang receiver at chamber upang matiyak na walang bala sa mga bahaging ito.
4. Panatiliing Naka-lock sa Likurang Posisyon ang Slide: Tiyaking mananatili sa likurang posisyon ang slide hanggang sa handa ka nang isara ito, pagkatapos matiyak na walang laman ang chamber at naalis na ang magazine.


Mahalaga: Ang pagpapahintulot na umusad ang slide bago matiyak na walang laman ang chamber at naalis na ang magazine ay maaaring magresulta sa baril na may bala, na maaaring humantong sa malubhang pinsala o kamatayan. Palaging sundin ang mga hakbang na ito sa tamang pagkakasunod-sunod upang maiwasan ang mga aksidente.

Ligtas na Paghawak ng Long Gun

Ang lahat ng pagpapakita ng ligtas na paghawak ay dapat simulan nang walang bala ang baril at naka-lock ito gamit ang safety device ng baril na kinakailangang kasama nito sa pagbibigay, kung naaangkop. Habang pinananatili sa lahat ng oras ang pansin sa direksyon ng muzzle (ibig sabihin, nakatutok ang baril sa ligtas na direksyon, mas mainam kung pababa sa lupa) at ang trigger discipline (ibig sabihin, ang daliri sa gatilyo ay nasa labas ng trigger guard at nakalapad sa gilid ng receiver), dapat isagawa nang tama at ligtas ng recipient ng mga baril ang mga sumusunod:

Ang mga sumusunod na hakbang sa pagpapakita ng ligtas na paghawak para sa mga long gun ay karaniwang naaangkop sa iba't ibang modelo ng bawat “uri” ng baril (hal., pump action long gun, break-top long gun, atbp.). Gayunpaman, maaaring hindi naaangkop sa isang partikular na modelo ng baril ang mga tinukoy na hakbang sa pagpapakita ng ligtas na paghawak. Kung hindi sigurado, sumangguni sa manwal ng may-ari o kumonsulta sa isang Sertipikadong Instruktor ng DOJ.

Pump Action Long Gun



1. Buksan ang ejection port.
2. Biswal at pisikal na suriin ang chamber upang matiyak na walang bala ang baril. Biswal at pisikal na suriin ang magazine follower upang matiyak na walang bala ang magazine (kung hindi nakikita ang magazine follower, maaaring may mga shotshell o cartridge na nakabara sa tubular magazine).
3. Huwag paganahin ang safety device ng baril. Kung nahahadlangan ng safety device ng baril ang alinman sa mga naunang hakbang, itaon na huwag paganahin ang safety device ng baril sa naaangkop na hakbang.
4. Habang pinananatili ang pansin sa direksyon ng muzzle at wastong posisyon ng daliri sa gatilyo, magkarga ng isang dummy round sa magazine loading port.
5. Hilahin paatras ang forend patungo sa receiver upang pumasok ang dummy round sa breech. Itulak pasulong ang forend upang maipasok ang round sa chamber. Dapat ay lumipat na ang dummy round mula sa tubular magazine papunta sa chamber.
6. Pindutin ang action (carrier) release button at muling hilahin ang forend patungo sa receiver upang bumukas ang action. Dapat maalis ang dummy round mula sa chamber at mailabas sa ejection port.
7. Paganahin ang safety.
8. Paganahin ang safety device ng baril, kung naaangkop.

Break-Top Long Gun



1. Buksan ang breech.
2. Biswal at pisikal na suriin ang chamber/(mga) barrel upang matiyak na walang bala ang barrel.
3. Huwag paganahin ang safety device ng barrel. Kung nahahadlangan ng safety device ng barrel ang alinman sa mga naunang hakbang, itaon na huwag paganahin ang safety device ng barrel sa naaangkop na hakbang.
4. Habang pinananatili ang pansin sa direksyon ng muzzle at wastong posisyon ng daliri sa gatilyo, magkarga ng isang dummy round sa isang bariles.
5. Isara at i-lock ang action.
6. I-unlock at buksan ang action.
7. Alisin ang dummy round.
8. Paganahin ang safety device ng barrel, kung naaangkop.

Bolt Action Long Gun



1. Biswal at pisikal na suriin ang chamber/barrel upang matiyak na walang bala ang long gun. Biswal at pisikal ding suriin ang internal magazine upang matiyak na wala itong bala.
2. Huwag paganahin ang safety device ng barrel. Kung nahahadlangan ng safety device ng barrel ang alinman sa mga naunang hakbang, itaon na huwag paganahin ang safety device ng barrel sa naaangkop na hakbang.
3. Habang pinananatili ang pansin sa direksyon ng muzzle at wastong posisyon ng daliri sa gatilyo, magkarga ng isang dummy round sa chamber/bariles.
4. Isara at i-lock ang action.
5. I-unlock at buksan ang action.
6. Alisin ang dummy round.
7. Paganahin ang safety device ng barrel, kung naaangkop.

Lever Action Long Gun



Kapag humahawak ng lever-action firearm na may nakalantad na hammer, mag-ingat at kumonsulta sa isang Sertipikadong Instruktor ng DOJ para sa mga wastong hakbang sa paghawak nito. Gumamit lamang ng mga round na flat point, hollow point, round nose flat point, o katulad nito. Huwag kailanman gumamit ng mga round na may matulis o hugis-cone na dulo sa centerfire rifle na may tubular magazine. Ang hindi pagsunod sa mga tagubiling ito ay maaaring magdulot ng pinsala sa iyo o sa ibang tao, o makasira sa iyong barrel.

1. Buksan ang breech.
2. Biswal at pisikal na suriin ang chamber/barrel upang matiyak na walang bala ang barrel. Biswal at pisikal na suriin ang magazine follower upang matiyak na walang bala ang magazine (kung hindi nakikita ang magazine follower, maaaring may mga cartridge na nakabara sa tubular magazine).
3. Huwag paganahin ang safety device ng barrel. Kung nahahadlangan ng safety device ng barrel ang alinman sa mga naunang hakbang, itaon na huwag paganahin ang safety device ng barrel sa naaangkop na hakbang.
4. Habang pinananatili ang pansin sa direksyon ng muzzle at wastong posisyon ng daliri sa gatilyo, magkarga ng isang dummy round sa chamber/bariles.
5. Isara at i-lock ang action.
6. I-unlock at buksan ang action.
7. Alisin ang dummy round.
8. Paganahin ang safety device ng barrel, kung naaangkop.

Semiautomatic Long Gun na may Natatanggal na Magazine



1. Alisin ang magazine.
2. Hilahin paatras ang bolt at i-lock ito sa nakabukas na posisyon kung maaari.
3. Biswal at pisikal na suriin ang barrel/chamber upang matiyak na walang bala ang barrel.
4. Huwag paganahin ang safety device ng barrel. Kung nahahadlangan ng safety device ng barrel ang alinman sa mga naunang hakbang, itaon na huwag paganahin ang safety device ng barrel sa naaangkop na hakbang.

5. Habang pinananatili ang pansin sa direksyon ng muzzle at wastong posisyon ng daliri sa gatilyo, magkarga ng isang dummy round sa magazine.
6. Ipasok ang magazine sa magazine well.
7. Isara at i-lock ang action.
8. I-unlock at buksan ang action.
9. Alisin ang dummy round.
10. Paganahin ang safety device ng baril, kung naaangkop.

Semiautomatic Long Gun na may Nakapirming Magazine



1. Hilahin paatras ang bolt at i-lock ito sa nakabukas na posisyon kung maaari.
2. Biswal at pisikal na suriin ang barrel/chamber upang matiyak na walang bala ang baril. Biswal at pisikal ding suriin ang internal magazine upang matiyak na wala itong bala.
3. Huwag paganahin ang safety device ng baril. Kung nahahadlangan ng safety device ng baril ang alinman sa mga naunang hakbang, itaon na huwag paganahin ang safety device ng baril sa naaangkop na hakbang.
4. Habang pinananatili ang pansin sa direksyon ng muzzle at wastong posisyon ng daliri sa gatilyo, magkarga ng isang dummy round sa magazine.
5. Isara at i-lock ang action.
6. I-unlock at buksan ang action.
7. Alisin ang dummy round (dapat ay naalis ang dummy round mula sa chamber at nailabas sa breech).

Mga Bala

Ang kaalaman tungkol sa mga bala na ginagamit mo ay isang aspeto ng ligtas na paggamit ng baril na madalas na hindi nabibigyang-pansin. Mahalagang malaman mo kung aling mga bala ang maaaring ligtas na gamitin sa iyong baril.

Mga Bahagi ng Bala

Ang cartridge ng baril, na karaniwang tinatawag na “round,” ay isang yunit ng bala na binubuo ng apat na bahagi: ang case, primer, propellant, at bullet.

Mga Bahagi ng Cartridge



Ang case ay ang metal na cylinder na sarado sa isang dulo at naglalaman ng tatlo pang bahagi.

Ang primer ay isang kemikal na compound na sensitibo sa impact at ginagamit upang magsimula ng pagliyab. Ang propellant ay isang kemikal na compound na mabilis masunog.

Ang bullet ay ang bagay na pinapaputok mula sa isang baril. Karaniwan itong gawa sa tingga, kung minsan ay nababalutan ng isang layer ng tanso o iba pang metal, at matatagpuan sa dulo ng cartridge. Madalas na nagkakamali ang mga tao sa pagtukoy sa buong cartridge bilang “bullet.” Sa katunayan, ang bullet ay isa lamang bahagi ng cartridge.

Pisika ng Pagpapaputok ng Baril

Upang maunawaan ang lakas ng isang baril, makatutulong na malaman ang ilan sa mga prinsipyo ng physics na nauugnay sa pagpapaputok nito. Ang pagbagsak ng hammer ay nagiging sanhi upang magliyab ang primer at sindihan ang powder, na nasusunog at lumilikha ng mga gas. Itinutulak ng mabilis na lumalawak na mga gas na ito ang bala sa barrel patungo sa target. Ang pagtulak ng mga gas laban sa baril ay nagreresulta sa tinatawag na recoil. Nagugulat sa recoil ang ilang nagpapaputok. Magkakaiba ang lakas ng recoil na nalilikha ng bawat baril. Ang pag-aabang sa recoil ay maaaring maging dahilan upang mahigpit na mahawakan ng isang walang karanasang mamamaril ang baril o mapaurong siya. Nakakatulong ang wastong pagpapaputok ng baril na mabawasan ang masasamang epekto ng recoil sa mamamaril.

Mga Caliber ng Baril at Bala


May iba't ibang caliber ang mga baril at bala. Tumutukoy ang caliber ng baril sa diametro ng barrel. Karaniwang nakalagay sa barrel ng mga revolver ang impormasyon tungkol sa caliber.

Karaniwang nakalagay sa slide ng mga semiautomatic pistol ang impormasyon tungkol sa caliber. Tumutukoy ang caliber ng bala sa diametro ng bullet. Makikita sa kahon ng bala ang impormasyon tungkol sa caliber.

Ilan sa mga mas karaniwang caliber ay .22, .45, at 9 mm. Dapat mo lamang gamitin ang caliber ng bala na inirerekomenda ng manufacturer ng iyong baril.



9 mm pistol



9 mm cartridge

Hindi nangangahulugang ligtas nang ipaputok ang isang cartridge dahil lamang kasya ito sa iyong baril. Maaaring hindi kayanin ng baril ang pressure na nalilikha kapag maling bala ang ginamit. Maaari itong magdulot ng pinsala sa baril at posibleng makapinsala sa iyo o sa mga taong nasa paligid.

Huwag kailanman magpaputok ng bala na luma, marumi, kinakalawang, basa, o hindi lubos na matukoy kung anong uri ito. Maaari itong magdulot ng aberya gaya ng pagkabara, hindi pagputok, o pagsabog ng baril. Huwag kailanman itapon ang mga bala sa basurahan. Tawagan ang lokal na departamento na namamahala sa basura at humingi ng wastong tagubilin sa pagtatapon nito.

May ilang uri ng bala na ilegal. Matutulungan ka ng iyong dealer ng baril na matukoy ang tama at legal na bala para sa iyong baril. Bumili lamang ng mga bala mula sa awtorisadong nagbebenta ng mga bala.

Mapanganib na Distansya

Upang ligtas na makapagpaputok ng baril, kailangan mong malaman hindi lamang ang iyong target kundi pati na rin ang mapanganib na distansyang maaaring marating ng iyong bala. Ang mapanganib na distansya ay ang layo na maaaring marating ng isang bala. Karamihan sa mga bala ay maaaring umabot nang hindi bababa sa isang milya, at ang ilan ay may kakayahang umabot nang HIGIT sa dalawang milya. Kaya kahit nagpapaputok ka sa target na ilang talampakan o yarda lamang ang layo, maaaring makarating ang iyong bala nang malayo pa sa likod ng target. Habang patuloy na lumilipad ang bala, lumalawak ang lugar na maaaring mapinsala nito. Mahalagang malaman ang mapanganib na distansiya dahil dapat mong isaalang-alang kung gaano pa kalayo ang maaaring marating ng bala lampas sa target, sapagkat ang bala na hindi tumama o tumagos sa target ay maaaring tumama sa isang tao o bagay. Kung ang target lamang ang iisipin mo at hindi ang mapanganib na distansiya, maaari mong maling isipin na ang isang tao o bagay ay “napakalayo” na upang malagay sa panganib.

Isa pang mahalagang tandaan ay madaling tumagos ang karamihan sa mga bala sa mga panloob na dingding ng bahay at maaari pa ring magpatuloy sa paglipad nang may kalayuan bago mawalan ng enerhiya. Ang high-velocity o magnum na bala ay may mas malakas na kakayahang tumagos at makarating sa mas malayong distansya.

Tandaan: Kapag nagpaputok ka na, responsibilidad mo ang anumang pinsala sa ari-arian o tao na dulot ng iyong bala.

Mga Aberya

Maaaring magkaroon ng aberya ang anumang makina. Ganoon din ang baril. Kung magkaroon ng aberya ang iyong baril, palaging isaisip ang mga pangunahing tuntunin sa kaligtasan at gawin ang sumusunod:

BABALA

ITIGIL ANG PAGPAPAPUTOK!

PANATILIHING NAKATUTOK ANG BARIL SA LIGTAS NA DIREKSYON.

MAGHINTAY NG 30 SEGUNDO BAGO SUBUKANG AYUSIN ANG ABERYA.

HUMINGI NG TULONG SA TAONG MAY SAPAT NA KAALAMAN.

Kung nasa shooting range ka, ang karaniwang pamamaraang dapat sundin kapag nagkaroon ng aberya ay panatilihing nakatutok ang iyong baril sa direksyon ng range, ilayo ang iyong daliri sa gatilyo, at itaas ang kamay na hindi mo ginagamit sa pagbaril hanggang sa dumating ang isang opisyal ng range. Nasa isang sitwasyon kang maaaring maging mapanganib!

KABANATA 3: PAGSUSULIT SA SARILI

1. Ang kahalagahan ng “mapanganib na distansya” ay maaaring makarating ang bala nang malayo pa sa nilalayong target. (pahina 24)
Tama Mali
2. Hindi ganap na maaasahan ang safety ng isang semiautomatic pistol. (pahina 15)
Tama Mali
3. Hindi nangangahulugang ligtas nang ipaputok ang isang cartridge dahil lamang kasya ito sa iyong baril. (pahina 24)
Tama Mali
4. Kung magkaroon ng aberya, dapat mong: (pahina 24)
 - A. Panatilihing nakapatong ang iyong daliri sa gatilyo.
 - B. Agad na bitawan ang baril.
 - C. Subukang alamin kung saan nagmula ang aberya.
 - D. Panatilihing nakatutok ang baril sa ligtas na direksyon.
5. Matapos matiyak na nakatutok sa ligtas na direksyon ang double-action revolver at nakalayo ang iyong daliri sa gatilyo, simulan ang pag-aalis ng bala sa baril sa pamamagitan ng: (pahina 12)
 - A. Pagbukas ng cylinder.
 - B. Pag-lock sa slide sa nakabukas na posisyon.
 - C. Pagbukas ng loading gate.
 - D. Pagpindot sa magazine release.
6. Ang caliber ng baril o bala ay tumutukoy sa: (pahina 23)
 - A. Haba ng barrel.
 - B. Kapasidad ng magazine.
 - C. Diametro ng barrel o bullet.
 - D. Bilis ng bullet.
7. Ang magazine ay bahagi ng: (pahina 15)
 - A. Single-action revolver.
 - B. Double-action revolver.
 - C. Semiautomatic pistol.
 - D. Single-action at double-action revolver.

Sagot: 1: Tama, 2: Tama, 3: Tama, 4: D, 5: A, 6: C, 7: C

Unawain ang mga Aspeto ng Kaligtasan ng Iyong Baril

Ang mga baril ay dapat gamitin nang responsable at itago nang ligtas upang hindi ito makuha ng mga bata at iba pang taong walang pahintulot na gumamit nito. May mahihigpit na batas ang California tungkol sa mga baril, at maaari kang pagmultahin o makulong kung hindi mo susundin ang mga ito. Bisitahin ang website ng Attorney General ng California sa oag.ca.gov/firearms para sa impormasyon tungkol sa mga batas sa baril na naaangkop sa iyo at kung paano mo masusunod ang mga ito.

Humingi ng payo mula sa isang propesyonal na salesperson tungkol sa mga aspeto ng kaligtasan ng baril na pinag-iisipan mong bilhin. Piliin ang baril na pinakaangkop sa iyong mga personal na pangangailangan. Magtanong nang magtanong! Magtanong tungkol sa tamang bala para sa baril na napili mo.

Maging lubos na pamilyar sa mekanismo at paggana ng baril na napili mo. Kapag alam mo nang mabuti kung paano gumagana ang iyong baril, mas malamang na matukoy mo ang anumang posibleng problema sa kaligtasan.

Basahing Mabuti ang Lahat ng Materyales na Naglalaman ng mga Tagubilin

Dapat may kasamang manwal ng may-ari mula sa manufacturer ng iyong baril kapag bumili ka ng bagong baril. Karaniwang makakakuha ng mga manwal para sa mga nagamit nang baril sa pamamagitan ng pagsulat o pagtawag sa manufacturer.

Basahin nang mabuti ang manwal at gamitin ito upang maging pamilyar sa baril at sa paggamit nito.

Mag-enroll sa isang Kurso sa Pagsasanay sa Baril

Upang matulungan kang matutong magmaneho ng sasakyan, malamang na sumailalim ka muna sa praktikal na pagsasanay at sumubok sa pagmamaneho bago mo nakuha ang iyong lisensiya sa pagmamaneho. Nalalapat din ito sa pagmamay-ari ng baril. Ang pinakamahusay na paraan upang maging bihasa sa paggamit ng iyong baril at maunawaan kung paano ito gumagana ay ang magpatala sa isang praktikal na kurso sa pagsasanay. Maraming kurso sa pagsasanay sa paggamit ng baril ang maaaring magbigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa kaligtasan.

Para sa impormasyon tungkol sa mga kurso sa pagsasanay sa iyong lugar, makipag-ugnayan sa lokal na dealer ng baril o organisasyon para sa kaligtasan sa paggamit ng baril.

Paglilinis at Pagkukumpuni

Ang maintenance ay bahagi ng pagiging responsableng may-ari ng baril. Dapat regular na linisin ang mga baril, lalo na pagkatapos ng matagal na pagtatago. Dapat linisin ang barrel pagkatapos ng bawat paggamit. Ang naipong halumigmig, dumi, o grasa ay maaaring makaapekto sa mahusay at ligtas na paggana ng baril.

Maaaring bumili ng mga kit at materyales sa paglilinis ng baril sa karamihan ng mga dealer ng baril. Tandaan na nakalalason ang ilang kemikal na ginagamit sa paglilinis ng baril. Basahin nang mabuti at sundin ang mga tagubilin sa mga produktong panlinis.

Dapat mong linisin ang iyong baril sa isang lugar na walang anumang makagagambala sa iyo. Bago ka magsimula, palaging tiyaking walang bala ang iyong baril at alisin ang anumang bala sa lugar kung saan ka maglilinis. Maaaring mangyari ang mga aksidente

kung hindi wasto at ligtas na sinusunod ang mga pamamaraan sa paglilinis. Samakatuwid, dapat mong sundin ang mga tagubilin sa paglilinis na nasa iyong manwal ng may-ari at nakasaad sa iyong mga produktong panlinis. Ang mga dealer ng baril o gunsmith ay mahusay ding mapagkukunan ng impormasyon tungkol sa paglilinis.

Dapat tiyaking palaging may sapat na daloy ng hangin upang mabawasan ang panganib na malanghap ang mga partikulo ng tingga. Upang maiwasang hindi sinasadyang malunok ang mga partikulo ng tingga, huwag

humawak ng pagkain o inumin nang hindi muna naghuhugas ng iyong mga kamay. Huwag manigarilyo kapag nalalantad sa tingga. Hugasan nang mabuti ang iyong mga kamay pagkatapos malantad dito.

Pana-panahong suriin ang lahat ng baril na pagmamay-ari mo upang matiyak na maayos ang kondisyon at paggana ng mga ito. Kung may mapansin kang anumang problema, ipasuri ang iyong baril sa isang kwalipikadong gunsmith. Ang anumang pagkukumpuni ay dapat gawin lamang ng isang gunsmith o ng manufacturer ng baril. Hindi mo dapat subukang gumawa ng anumang malalaking modipikasyon sa iyong baril. Ang ilang modipikasyon ay ilegal at mapanganib. Maaari ring mawalan ng bisa ang warranty ng manufacturer dahil sa mga ito.

Sa pamamagitan ng wastong maintenance ng iyong baril, matitiyak mong ligtas itong gamitin at maaasahan ang paggana nito sa loob ng maraming taon.



Mga Device para sa Kaligtasan at Pagtatago

Kung magpapasya kang magkaroon ng baril sa iyong tahanan, dapat mong isaalang-alang kung paano ito maitatago nang ligtas at maayos. Kinikilala ng California ang kahalagahan ng ligtas na pagtatago sa pamamagitan ng pag-aatas na ang lahat ng baril na ibinebenta sa California ay may kasamang safety device ng baril na aprubado ng DOJ o may katibayan na ang mamimili ay nagmamay-ari ng safe para sa baril na nakatutugon sa mga pamantayang itinakda ng DOJ. Makikita ang kasalukuyang listahan ng mga safety device ng baril na aprubado ng DOJ at ang mga pamantayan para sa safe ng baril sa sumusunod na website ng DOJ: oag.ca.gov/firearms/fsdcertlist.

Simula Enero 1, 2026, inaatasan ng batas ng California ang sinumang nagtataglay ng baril sa isang tirahan na tiyaking ligtas itong nakatago gamit ang safety device ng baril na aprubado ng DOJ o isang ligtas na safe para sa baril na nakatutugon sa mga pamantayang itinakda ng DOJ sa lahat ng oras, na ang baril ay hindi dala ng isang legal na awtorisadong gumagamit o hindi nakalagay malapit sa kanya upang agad niyang mapigilan ang mga taong walang pahintulot, kabilang ang mga bata, na makuha ang baril. Ang paglabag sa requirement na ito para sa ligtas na pagtatago ay maaaring magresulta sa multa o parusa para sa misdemeanor. (Penal Code § 25145 (magkakabisa sa Enero 1, 2026).)

May iba't ibang device para sa kaligtasan at pagtatago na kasalukuyang mabibili ng publiko sa iba't ibang presyo. Ang ilang device ay mga locking mechanism na idinisenyo upang pigilan ang pagkakarga ng bala o pagpapaputok ng baril, ngunit hindi nito napipigilan ang paghawak o pagnanakaw sa baril. Mayroon ding mga naka-lock na lalagyan para sa pagtatago na nagsisilid sa baril upang hindi ito makita. Para sa pinakamataas na antas ng kaligtasan, dapat mong gamitin ang parehong safety device ng baril at naka-lock na lalagyan para sa pagtatago ng iyong baril na walang bala.

Dalawa sa mga pinakakaraniwang locking mechanism ay ang trigger lock at cable lock. Ang mga trigger lock ay karaniwang binubuo ng dalawang bahagi na ikinakabit sa paligid ng gatilyo at trigger guard upang hindi maabot ang gatilyo. Ang isang bahagi ay may post na ipinapasok sa butas ng kabilang bahagi. Nila-lock ang mga ito gamit ang susi o combination locking mechanism. Karaniwang gumagana ang mga cable lock sa pamamagitan ng pagdaan ng matibay na steel cable sa action ng baril upang hadlangan ang paggana nito at maiwasan ang aksidenteng pagputok. Gayunpaman, hindi idinisenyo ang trigger lock o cable lock upang pigilan ang isang tao na makuha ang baril.

Ang maliliit na lock box at malalaking safe para sa mga baril ay dalawa sa mga pinakakaraniwang uri ng naka-lock na lalagyan para sa pagtatago ng mga baril. Isang bentahe ng mga lockbox at safe para sa baril ay idinisenyo ang mga ito upang lubusang maiwasan ang hindi sinasadyang paghawak at pagkuha ng baril. Karaniwang gawa sa matibay at de-kalidad na metal ang mga lockbox at binubuksan gamit ang susi o combination lock. Mabigat ang mga safe para sa baril at karaniwang tumitimbang nang hindi bababa sa 50 pounds. Bagama't karaniwang pinakamahal na uri ng device para sa pagtatago ng baril ang mga safe para sa baril, karaniwang mas maaasahan at mas ligtas ang mga ito.

Tandaan: Kasingligtas lamang ng mga device para sa kaligtasan at pagtatago ang mga pag-iingat na ginagawa mo para protektahan ang susi o kumbinasyon para sa lock.



Mga Paraan upang Hindi Maabot ng mga Bata ang Baril

Bilang responsableng may-ari ng baril, kailangan mong malaman ang mga paraan upang hindi maabot ng mga bata ang iyong baril, mayroon ka mang mga anak o wala.

Sa tuwing maaaring may mga bata sa paligid—maging sarili mong anak, anak ng kaibigan, kamag-anak, o kapitbahay—dapat gumawa ng mga karagdagang hakbang sa kaligtasan kapag nagtatago ng mga baril at bala sa iyong tahanan.

- Palaging itago ang iyong baril nang walang bala.
- Gumamit ng safety device ng baril AT itago ang baril sa isang naka-lock na lalagyan.
- Itago nang hiwalay ang mga bala sa isang naka-lock na lalagyan.

Ang palaging ligtas na pagtatago ng iyong baril ang pinakamahusay na paraan upang hindi ito maabot ng mga bata; gayunpaman, ang pagpili ng lugar kung saan ito itatago ay makapagbibigay ng karagdagang antas ng kaligtasan. Maingat na piliin ang lugar na pagtataguan sa iyong tahanan, lalo na kung maaaring may mga bata sa paligid.

- Huwag itago ang iyong baril sa lugar kung saan makikita ito.
- Huwag itago ang iyong baril sa mesang katabi ng kama, sa ilalim ng iyong kutson o unan, o sa estante ng aparador.
- Huwag itago ang iyong baril kasama ng iyong mahahalagang gamit (gaya ng alahas o mga camera) maliban kung naka-lock ito sa isang ligtas na lalagyan.
- Tiyaking hindi madaling maabot ng mga bata ang lugar kung saan mo itinatago ang iyong baril at mga bala.
- Isaalang-alang ang ligtas at maayos na pagtatago sa labas ng tahanan ng mga baril na hindi ginagamit para sa pagtatanggol sa sarili.

KABANATA 4: PAGSUSULIT SA SARILI

1. Mahalagang basahin nang mabuti ang lahat ng materyales na naglalaman ng mga tagubilin na kasama ng iyong baril. (pahina 26)
Tama Mali
2. Maaaring mawalan ng bisa ang warranty ng baril kapag may ilang partikular na pagbabagong ginawa rito. (pahina 26 at 27)
Tama Mali
3. Ligtas na magtago ng baril na may bala sa mesang katabi ng iyong kama. (pahina 28)
Tama Mali
4. Dalawa sa mga karaniwang safety device ng baril ay ang trigger lock at cable lock. (pahina 27)
Tama Mali
5. Alin sa mga sumusunod na hakbang ang dapat gawin upang hindi maabot ng mga bata ang iyong baril? (pahina 28)
 - A. Gumamit ng safety device ng baril AT itago ang baril sa isang naka-lock na lalagyan.
 - B. Palaging itago ang iyong baril nang walang bala.
 - C. Itago nang hiwalay ang mga bala sa naka-lock na lalagyan.
 - D. Lahat ng nabanggit.

Sagot: 1: Tama, 2: Tama, 3: Tama, 4: Tama, 5: D

MGA IPINAGBABAWAL NA PAGLILIPAT NG BARIL AT STRAW PURCHASE

Ano ang straw purchase?

Ang straw purchase ay ang pagbili ng baril para sa isang taong ipinagbabawal ng batas na magmay-ari o magtaglay nito, o pagbili ng baril para sa isang taong ayaw maiugnay ang kanyang pangalan sa transaksyon.

Labag sa batas ng California para sa isang taong hindi lisensiyado bilang dealer ng baril sa California na maglipat ng baril sa isa pang taong walang lisensiya nang hindi isinasagawa ang naturang paglilipat sa pamamagitan ng isang lisensiyadong dealer ng baril. (Pen. Code, § 27545.) Ang naturang paglilipat ay maaaring maparusahan bilang felony. (Pen. Code, § 27590.)

Bukod dito, labag sa pederal na batas ang alinman sa sumusunod: (1) paggawa ng mali o gawa-gawang pahayag tungkol sa isang mahalagang impormasyon sa aplikasyon para bumili ng baril, gaya ng pagkakakilanlan ng taong siya talagang aktuwal na kukuha ng baril (karaniwang tinatawag na “lying and buying” [pagsisinungaling at pagbili]) (18 U.S.C. 922(a)(6)); o (2) sadyang paglilipat ng baril sa isang taong ipinagbabawal ng pederal na batas na magtaglay at bumili nito (18 U.S.C. 922(d)). Ang mga naturang paglilipat ay maaaring maparusahan sa ilalim ng pederal na batas ng multang \$250,000 at 15 taong pagkakakulong sa pederal na bilanguan. (18 U.S.C. 924(a)(2).)

Mga dapat tandaan tungkol sa mga ipinagbabawal na paglilipat ng baril at straw purchase:

- Ang ilegal na pagbili ng baril (straw purchase) ay isang krimen sa ilalim ng pederal na batas.
- Ang ilegal na pagbili ng baril ay maaaring humantong sa hatol na felony, pagkakakulong nang 15 taon, at multang hanggang \$250,000.
- Ang pagbili ng baril at pagbibigay nito sa isang taong ipinagbabawal na magmay-ari nito ay isang krimen sa ilalim ng batas ng estado at pederal na batas.

Huwag kailanman bumili ng baril para sa isang taong ipinagbabawal ng batas na magkaroon nito o hindi pinahihintulatang bumili nito.

Panimula sa mga Batas

Bilang may-ari ng baril, responsibilidad mong unawain at sundin ang lahat ng pederal, pang-estado, at lokal na batas tungkol sa pagmamay-ari ng baril. Marami sa mga batas na inilalarawan sa ibaba ay nauugnay sa pagtataglay, paggamit, at pagtatago ng mga baril sa tahanan at dapat basahin nang mabuti. Naglalaman ang seksyong ito ng pangkalahatang buod ng mga batas ng estado na namamahala sa paggamit ng mga baril, partikular na ng mga handgun, ng mga taong hindi opisyal na nagpapatupad ng batas o miyembro ng sandatahang lakas. Hindi ito nakadiseno upang magbigay ng indibidwal na patnubay para sa mga partikular na sitwasyon, at hindi rin nito tinatalakay ang mga pederal o lokal na batas. Ang mga taong may mga partikular na tanong ay hinihikayat na humingi ng legal na payo mula sa isang abogado, o kumonsulta sa kanilang lokal na ahensya ng pagpapatupad ng batas, lokal na tagausig, o law library.

Pagbebenta at Paglilipat ng mga Baril

Sa California, tanging mga lisensiyadong dealer ng baril sa California ang awtorisadong magsagawa ng retail na pagbebenta ng mga baril. Sa mga retail na bentahanang ito, kinakailangang magbigay ang mamimili ng personal na impormasyong nagpapakilala sa kanya para sa dokumentong Talaan ng Pagbebenta ng Dealer (Dealers' Record of Sale o DROS), na dapat isumite ng dealer ng baril sa DOJ. May mandatoryong 10 araw na panahon ng paghihintay bago maibigay ng dealer ng baril ang baril sa mamimili. Sa loob ng 10 araw na panahon ng paghihintay na ito, nagsasagawa ang DOJ ng background check upang matiyak na kwalipikado ang mamimili na magkaroon ng baril at hindi siya ipinagbabawal na legal na magtaglay nito. Bagama't may mga pagbubukod, sa pangkalahatan, ang lahat ng bibili ng baril ay dapat hindi bababa sa 21 taong gulang. Bukod dito, ang mga mamimili ay dapat residente ng California at may valid na lisensiya sa pagmamaneho o identification card na ibinigay ng Kagawaran ng mga Motor Vehicle ng California.

Sa pangkalahatan, labag sa batas para sa sinumang hindi lisensiyadong dealer ng baril sa California (pribadong partido) na magbenta o maglipat ng baril sa isa pang taong walang lisensiya (pribadong partido), maliban kung isinasagawa ang bentahan sa pamamagitan ng isang lisensiyadong dealer ng baril sa California.

Maaaring isagawa ang mga "paglilipat sa pagitan ng mga pribadong indibidwal" (private party transfers) sa alinmang lisensiyadong dealer ng baril sa California na nagbebenta ng mga baril. Dapat personal na kumpletuhin ng mamimili at nagbebenta ang kinakailangang dokumentong DROS sa lisensiyadong dealer ng baril at ibigay ang baril sa dealer, na siyang hahawak nito sa loob ng mandatoryong 10 araw na panahon ng paghihintay. Bukod sa mga naaangkop na bayarin ng estado, maaaring maningil ang dealer ng baril ng bayad na hindi lalampas sa \$10 bawat baril para sa pagsasagawa ng paglilipat sa pagitan ng mga pribadong indibidwal.

Ang paminsan-minsang paglilipat ng mga baril sa pagitan ng mismong pamilya ay hindi saklaw ng batas na nag-aatas na isagawa ang mga paglilipat sa pagitan ng mga pribadong indibidwal sa pamamagitan ng isang lisensiyadong dealer ng baril. Para sa layunin ng exemption na ito, ang "mismong pamilya" ay nangangahulugang magulang at anak, lolo't lola at apo, ngunit hindi kabilang ang iba pang uri ng paglilipat, gaya ng sa pagitan ng magkapatid. Pakitandaan na bago tanggapin ang baril, dapat munang matugunan ng tatanggap ang requirement para sa FSC na inilalarawan sa ibaba.

Sa loob ng 30 araw mula sa paglilipat, dapat ding magsumite ang tatanggap sa DOJ ng ulat tungkol sa transaksyon. Maaaring i-download ang kinakailangang form ng ulat (Ulat ng Transaksyon para sa Baril sa Bisa ng Batas o sa Loob ng Pamilya [BOF 4544A]) mula sa website ng DOJ sa oag.ca.gov/firearms/forms, o maaari kang mag-apply online sa website ng System ng California para sa Pag-uulat ng mga Aplikasyon para sa Baril (California Firearms Application Reporting System o CFARS) sa cfars.doj.ca.gov/login.

Ang muling pagkuha ng baril na isinangla ay napapailalim sa mga requirement para sa DROS at 10 araw na panahon ng paghihintay.

Requirement para sa Katibayan ng Paninirahan

Upang bumili ng handgun sa California, dapat kang magpakita ng dokumentasyong nagpapatunay na residente ka ng California. Kabilang sa mga katanggap-tanggap na dokumento ang utility bill mula sa nakalipas na tatlong buwan, nilagdaang kontrata sa renta sa tinitirhan, property deed, o mga utos para sa permanenteng duty station ng militar na nagsasaad ng pagkakatalaga sa loob ng California. Ang address na nakasaad sa DROS ay dapat tumugma sa address na nasa dokumentong katibayan ng paninirahan o sa address na nasa lisensiya sa pagmamaneho o Identification Card ng mamimili ng California. (Pen. Code, § 26845.)

Requirement para sa Sertipiko sa Kaligtasan sa Baril

Upang bumili o kumuha ng baril, dapat mayroon kang valid na FSC. Upang makakuha ng FSC, dapat kang makakuha ng markang hindi bababa sa 75% sa isang obhetibong nakasulat na pagsusulit tungkol sa mga batas sa baril at mga requirement sa kaligtasan. Ang pagsusulit ay isinasagawa ng mga Sertipikadong Instruktor ng DOJ, na karaniwang matatagpuan sa mga dealer ng baril. Valid ang FSC sa loob ng limang taon. Ang bayad para sa pagkuha ng FSC test at pagkakaloob ng FSC ay dalawampu't limang dolyar (\$25). Ang mga baril na ibinabalik sa mga may-ari nito, gaya ng mga isinanlang baril, ay hindi saklaw ng requirement na ito. Kung mawala, manakaw, o masira ang FSC, magbibigay ng kapalit na FSC ang Sertipikadong Instruktor ng DOJ na nagkaloob nito sa halagang \$5. Dapat kang magpakita ng katibayan ng pagkakakilanlan upang makatanggap ng kapalit na FSC. (Pen. Code, §§ 31610-31670.)

Requirement para sa Pagpapakita ng Ligtas na Paghawak

Bago tanggapin ang isang baril, dapat mong matagumpay na maisagawa ang pagpapakita ng ligtas na paghawak ng baril na binibili o kinukuha. Ang pagpapakita ng ligtas na paghawak ay dapat isagawa sa harap ng isang Sertipikadong Instruktor ng DOJ sa pagitan ng petsa ng pagsusumite ng DROS sa DOJ at ng pagbibigay ng baril, at karaniwan itong isinasagawa sa dealer ng baril. Dapat lumagda ang mamimili, dealer ng baril, at Sertipikadong Instruktor ng DOJ sa isang affidavit na nagsasaad na nakumpleto ang pagpapakita ng ligtas na paghawak. Ang mga hakbang na kinakailangan upang makumpleto ang pagpapakita ng ligtas na paghawak para sa karamihan ng mga uri ng baril ay inilalarawan sa Kabanata 3. Ang mga ibinabalik na isinalang baril at mga paglilipat sa pagitan ng mga miyembro ng pamilya ay hindi saklaw ng requirement para sa pagpapakita ng ligtas na paghawak. (Pen. Code, § 26850 (h).)

Requirement para sa Safety Device ng Baril

Ang lahat ng baril (long gun at handgun) na binibili sa California ay dapat may kasamang safety device ng baril (firearms safety device o FSD) na nakapasa sa mga kinakailangang pagsusuri sa kaligtasan at paggana at nakalista sa opisyal na talaan ng DOJ ng mga safety device ng baril na aprubado ng DOJ. Makikita ang kasalukuyang talaan ng mga sertipikadong FSD sa website ng Kawanihan ng mga Baril sa oag.ca.gov/firearms/fsdcertlist. Maaari ding matugunan ang requirement para sa FSD kung lalagda ang mamimili sa isang affidavit na nagpapahayag na nagmamay-ari siya ng lockbox o safe para sa baril na aprubado ng DOJ na kayang paglagyan ng baril na binibili. Ang mga isinanlang baril na ibinabalik at mga paglilipat sa pagitan ng mga miyembro ng pamilya ay hindi saklaw ng requirement para sa FSD. (Pen. Code, §§ 23635-23690.)

Talaan ng mga Handgun na Sertipikadong Maibenta sa California

Walang handgun na maaaring ibenta ng dealer ng baril sa publiko maliban kung ang tatak at modelo nito ay nakapasa sa mga kinakailangang pagsusuri sa kaligtasan at paggana at nakalista sa opisyal na talaan ng DOJ ng mga handgun na sertipikadong maibenta sa California. Makikita ang kasalukuyang talaan ng mga handgun na sertipikadong maibenta sa California sa website ng Kawanihan ng mga Baril sa oag.ca.gov/firearms/certified-handguns/search. Hindi saklaw ng requirement na ito ang mga paglilipat sa pagitan ng mga pribadong indibidwal, paglilipat sa pagitan ng mga miyembro ng pamilya, at mga isanla/naka-consignment na baril. (Pen. Code, §§ 32000 & 32100.)

Mga Requirement para sa Pagbebenta at Paglilipat ng Baril

	Retail na Pagbebenta	Mga Paglilipat sa Pagitan ng mga Pribadong Indibidwal	Mga Paglilipat sa Pagitan ng mga Miyembro ng Pamilya	Mga Isinanlang Baril na Ibinabalik
Requirement para sa Katibayan ng Paninirahan (mga handgun)	Oo	Oo	Hindi	Oo
Requirement para sa Katibayan ng Paninirahan (mga long gun)*	Hindi	Hindi	Hindi	Hindi
Requirement para sa Sertipiko sa Kaligtasan sa Baril	Oo	Oo	Oo	Hindi
Requirement para sa Pagpapakita ng Ligtas na Paghawak	Oo	Oo	Hindi	Hindi
Requirement para sa Safety Device ng Baril	Oo	Oo	Hindi	Hindi
Mga Handgun na Wala sa Roster (Mga Handgun na Hindi Nakalista sa Roster ng mga Handgun na Sertipikadong Maibenta sa California)	Hindi	Oo	Oo	Oo

*Maaaring malapat ang mga pederal na requirement.

Requirement para sa mga Bagong Residente ng California

Dapat iulat sa DOJ ng mga taong lilipat sa California na may layuning maging residente ng estadong ito ang pagmamay-ari nila ng mga baril sa loob ng 60 araw, o ibenta o ilipat ang (mga) baril alinsunod sa batas ng California. (Pen. Code, § 27560.) Dapat magsumite sa DOJ ng Ulat sa Pagmamay-ari ng Baril ng Bagong Residente ang mga taong nais panatilihin ang pagkakaroon nila ng mga baril, kasama ang bayad na \$19. (Pen. Code, § 27560.) Makukuha ang mga form sa aming website sa oag.ca.gov/firearms/forms, o maaari kang mag-apply online sa website ng System ng California para sa Pag-uulat ng mga Aplikasyon para sa Baril (California Firearms Application Reporting System o CFARS) sa cfars.doj.ca.gov/login.

Mga Baril na Pribadong Minanupaktura

Dapat kang maging kwalipikadong magmay-ari o magtaglay ng baril sa California upang magmanupaktura o makabuo ng sarili mong baril. Bukod sa iba pang mga grupo, sa pangkalahatan, ipinagbabawal ang pagmamay-ari o pagtataglay ng mga baril sa mga taong nahatulan ng ilang partikular na krimen, mga taong napapailalim sa restraining order dahil sa karahasan sa tahanan, at mga taong napatunayang mapanganib sa kanilang sarili o sa ibang tao.

Inaatasan ng batas ng California ang mga taong nagtataglay, nagmamanupaktura, o bumubuo ng mga baril sa estado na mag-apply sa DOJ para sa isang natatanging serial number para sa bawat baril na sila mismo ang gumawa. Kung kwalipikado ka at natutugunan ng baril na balak mong gawin ang mga legal na requirement, maaari kang mag-apply para sa isang natatanging serial number sa pamamagitan ng pagbisita sa cfars.doj.ca.gov/login at pagkumpleto ng Aplikasyon para sa Natatanging Serial Number.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa proseso ng aplikasyon upang makakuha ng natatanging serial number, bisitahin ang oag.ca.gov/firearms/usna.

Ang isang tao ay hindi maaaring magmanupaktura ng higit sa tatlong baril sa California sa loob ng isang taon sa kalendaryo, maliban kung lisensiyado ang taong iyon alinsunod sa Kabanata 2 (simula sa Seksyon 29030). (Pen. Code, § 29010.)

Bukod dito, maliban sa ilang limitadong pagbubukod, ipinagbabawal sa ilalim ng batas ng California ang pagbebenta o paglilipat ng pagmamay-ari ng mga baril na sariling minanupaktura o sariling binuo. Ipinagbabawal ng batas ng California sa mga indibidwal ang pagmamanupaktura o pagbuo ng ilang uri ng baril, kabilang ang mga assault weapon at machine gun.

Upang makatulong na maisulong ang pagtalima at pananagutan kaugnay ng mga baril na pribadong minanupaktura, sumangguni sa Gabay na Sanggunian sa mga Batas ng California tungkol sa mga Ghost Gun (California Ghost Gun Laws Reference Guide) na makikita sa pahina 52–54 ng ulat na “Office of Gun Violence Prevention, California’s Fight Against the Ghost Gun Crisis: Progress and New Challenges (Tanggapan para sa Pag-iwas sa Karahasang Dulot ng Baril, Paglaban ng California sa Krisis ng mga Ghost Gun: Mga Pagsulong at Bagong Hamon)” na matatagpuan sa oag.ca.gov/system/files/media/ogvp-ghost-guns-reference-guide-2025.pdf.

Pagdadala ng Nakakubling Armas

Pagdadala sa Sariling Katawan o sa Sasakyan ng Nakakubling Handgun Nang Walang Lisensiya

Labag sa batas para sa sinumang magdala ng handgun na nakakubli sa kanyang katawan o nakakubli sa isang sasakyan nang walang lisensiyang ibinigay alinsunod sa seksyon 26150 ng Penal Code. (Pen. Code, § 25400.) Ang baril na walang bala at naka-lock sa trunk ng motor vehicle o nasa isang naka-lock na lalagyan sa loob ng sasakyan, maliban sa utility compartment o glove compartment, ay hindi itinuturing na nakakubli ayon sa kahulugan ng seksyon 25400 ng Penal Code; gayundin, hindi itinuturing na nakakubli ang baril na walang bala na dinadala sa loob ng naka-lock na lalagyan nang direkta papunta o mula sa isang motor vehicle. (Pen. Code, §§ 25610 at 16850.)

Ang pagbabawal sa pagdadala ng nakakubling handgun ay hindi nalalapat o nakaaapekto sa mga lisensiyadong mangangaso o mangingisda na may dalang handgun habang nangangaso o nangingisda, o nagdadala ng mga handgun na walang bala habang papunta o pauwi mula sa pangangaso o pangisingda. (Pen. Code, § 25640.) Ang mga baril na walang bala ay dapat dalhin sa trunk ng sasakyan o sa isang naka-lock na lalagyan maliban sa utility compartment o glove compartment. (Pen. Code, §§ 25610 at 16850.)

Mayroon ding mga pagbubukod batay sa trabaho sa pagbabawal sa pagdadala ng nakakubling armas, kabilang ang mga awtorisadong empleyado habang nagsasagawa ng mga partikular na aktibidad. (Pen. Code, §§ 25630 at 25640.)

Mga Lisensiya sa Pagdadala ng Nakakubling Armas

Ang lisensiya para sa pagdadala ng nakakubling handgun ay maaaring ipagkaloob ng sheriff o hepe ng pulisya ng lungsod.

Kung ang populasyon ng county ay mas mababa sa 200,000 katao ayon sa pinakahuling pederal na census na isinasagawa kada sampung taon, maaaring magbigay ang awtoridad sa paglilisensiya ng lisensiya upang magdala, sa loob lamang ng county na iyon, ng pistol, revolver, o iba pang baril na maaaring ikubli sa katawan, nang may bala at lantad. (Pen. Code, § 26150(b)(2).)

Mga Baril sa mga Common Carrier

Sa pangkalahatan, ipinagbabawal ng mga pederal (49 U.S.C. § 46505) at pang-estadong batas (Pen. Code § 171.7) ang pagdadala ng anumang baril o bala sa anumang komersyal na eroplanong pampasahero. Maaaring malapat ang mga katulad na paghihigpit sa iba pang common carrier gaya ng mga tren, barko, at bus. Ang mga taong kailangang magdala ng mga baril o bala sa isang common carrier ay dapat palaging kumonsulta nang maaga sa carrier upang malaman ang mga kondisyon kung paano maaaring dalhin ang mga baril.

Mga Baril sa Tahanan, Negosyo, o Campsite

Maliban kung ipinagbabawal ng batas, ang sinumang 18 taong gulang pataas na hindi pinagbabawalang magtaglay ng mga baril sa ilalim ng pang-estado o pederal na batas ay maaaring magtaglay ng baril, mayroon man itong bala o wala, sa:

- Kanilang tirahan, kabilang ang pansamantalang tirahan o campsite (Pen. Code, § 26055.); o
- Pribadong ari-arian na pagmamay-ari nila o legal na nasa ilalim ng kanilang kontrol. (Pen. Code, § 25605.)

Bukod dito, ang sinumang 18 taong gulang pataas na hindi pinagbabawalang magtaglay ng mga baril at nagsasagawa ng legal na negosyo (kabilang ang nonprofit na organisasyon), o sinumang opisyal, empleyado, o ahente ng naturang negosyo na awtorisado para sa mga legal na layuning nauugnay sa negosyong iyon, ay maaaring magtaglay ng baril na may bala sa lugar ng negosyo. (Pen. Code, § 26035.)

Paggamit ng Nakamamatay na Puwersa sa Pagtatanggol sa Sarili

Ang tanong kung makatuwiran ang paggamit ng nakamamatay na puwersa sa pagtatanggol sa sarili ay hindi matutukoy sa pamamagitan lamang ng isang simpleng listahan ng mga salik. Nakabatay ang seksyong ito sa mga tagubiling karaniwang ibinibigay sa hurado sa isang kasong kriminal kung saan iginigiit ang pagtatanggol sa sarili, at inilalarawan nito ang mga pangkalahatang tuntunin tungkol sa paggamit ng nakamamatay na puwersa sa pagtatanggol sa sarili.

Pinahihintulutang Paggamit ng Nakamamatay na Puwersa sa Pagtatanggol sa Buhay at Katawan

Maaaring ituring na makatuwiran ang pagpatay ng isang tao sa ibang tao sa ilalim ng mga sumusunod na kalagayan: (1) kapag nilalabanan ang pagtatangkang pagpatay sa sinumang tao, gumawa ng felony, o magdulot ng malubhang pinsala sa katawan ng sinumang tao; (2) kapag ginawa bilang pagtatanggol sa tirahan, ari-arian, o tao laban sa isang taong malinaw na naglalayon at nagsisikap, sa pamamagitan ng karahasan o biglaang pag-atake, na gumawa ng felony, o laban sa isang taong malinaw na naglalayong at nagsisikap, sa marahas, maligalig, o magulong paraan, na pumasok sa tirahan ng ibang tao upang gumawa ng karahasan sa sinumang naroon; (3) kapag ginawa bilang legal na pagtatanggol sa taong iyon, o sa asawa, magulang, anak, amo, maybahay, o tagapaglingkod ng taong iyon, kung may makatuwirang batayan upang maniwalang may balak na gumawa ng felony o magdulot ng malubhang pinsala sa katawan, at may napipintong panganib na maisakatuparan ang balak na iyon; ngunit kung ang taong iyon, o ang taong ipinagtanggol, ang siyang umatake o kusang nakipaglaban, dapat ay tunay at tapat niyang sinikap na ihinto ang anumang karagdagang labanan bago naganap ang pagpatay; o (4) kapag kinakailangang gawin habang sinusubukang hulihin, sa legal na paraan at pamamaraan, ang sinumang gumawa ng felony, o habang legal na sinusugpo ang anumang kaguluhan, o habang legal na pinananatili at pinangangalagaan ang kapayapaan. Upang mailapat ang ganitong pagbibigay-katuwiran, ang mga pangyayari ay dapat makatuwirang magbigay sa tao ng paniniwalang napipinto ang panganib at kinakailangan ang nakamamatay na puwersa upang pigilan ang paggawa ng felony o upang protektahan ang kanyang sarili o ibang tao mula sa kamatayan o malubhang pinsala sa katawan. (Pen. Code, § 197.)

Mga Limitasyon sa Paggamit ng Puwersa sa Pagtatanggol sa Sarili

Nawawala ang karapatang ipagtanggol ang sarili kapag wala nang panganib mula sa umaatake. (People v. Martin, 76 Cal. App. 118, 124 (1926).) Kaya, kapag ang isang taong inatake sa ilalim ng mga kalagayang sa simula ay nagbibigay-katuwiran sa pagtatanggol sa sarili ay nagawang alisan ng kakayahan ang umaatake na magdulot pa ng karagdagang pinsala, hindi na naaangkop ang batas sa pagtatanggol sa sarili at hindi na maaaring gumamit ng karagdagang puwersa. (People v. Moody, 62 Cal. App. 2d 18, 22–23 (1943); CALCRIM Blg. 3474.)

Bukod dito, maaari lamang gumamit ang isang tao ng puwersa, hanggang sa nakamamatay na puwersa, na ituturing ng isang makatuwirang tao sa pareho o katulad na mga kalagayan na kinakailangan upang maiwasan ang napipintong pinsala. (People v. Humphrey, 13 Cal. 4th 1073, 1082–1083 (1996); Cal. Pen. Code § 197; CALCRIM Blg. 505.)

Mahalagang tandaan na ang paggamit ng labis na puwersa bilang tugon sa isang pag-atake ay maaaring magresulta sa mga parusang sibil o kriminal. (People v. Clark, 130 Cal. App. 3d 371, 380 (1982); People v. Hardin, 82 Cal App. 4th (2000); Cal. Civ. Code § 3333.)

Ang karapatang ipagtanggol ang sarili ay hindi kaagad magagamit ng isang taong unang umatake sa ibang tao. Gayunpaman, kung tatangkain ng taong iyon na ihinto ang karagdagang labanan at malinaw na ipapaalam sa kalaban ang kanyang kagustuhang makipagkasundo para sa kapayapaan ngunit patuloy pa rin ang kalaban sa pakikipaglaban, muling magkakaroon ng karapatang ipagtanggol ang sarili ang taong iyon, na katulad ng karapatan ng sinumang ibang taong inaatake.

Mga Baril na may Bala sa Pampublikong Lugar

Maliban kung saklaw ang may-ari ng baril ng isang partikular na exemption, labag sa batas ang pagdadala sa katawan o sa isang sasakyan ng baril na may bala habang nasa anumang pampublikong lugar, sa anumang pampublikong kalye sa isang incorporated city, o habang nasa anumang pampublikong lugar o pampublikong kalye sa loob ng ipinagbabawal na lugar sa unincorporated territory ng isang county o lungsod at county. (Pen. Code, § 25850, subd. (a).)

Labag sa batas para sa driver ng anumang motor vehicle, o sa may-ari ng anumang motor vehicle kahit wala ang may-ari sa sasakyan, na sadyang pahintulutan ang sinumang magdala ng baril na may bala sa loob ng sasakyan nang labag sa seksyon 25850 ng Penal Code o seksyon 2006 ng Fish and Game Code. (Pen. Code, § 26100.) Tingnan din ang “Iba’t Ibang Ipinagbabawal na Gawain” sa ibaba.

Upang matukoy kung may bala ang isang baril, awtorisado ang mga peace officer na suriin ang anumang baril na dala ng sinuman sa kanyang katawan o sa isang sasakyan habang nasa anumang pampublikong lugar, pampublikong kalye, o ipinagbabawal na lugar sa isang unincorporated territory. Ang pagtanggap pahintulutan ang isang peace officer na siyasatin ang isang baril alinsunod sa mga probisyong ito ay sapat nang batayan para sa pag-aresto. (Pen. Code, § 25850, subd. (b).)

Ang pagbabawal sa pagdadala ng baril na may bala sa pampublikong lugar ay hindi nalalapat sa sinumang nangangaso sa isang lugar kung saan legal na magtaglay ng baril at pangangaso, o habang nagsasanay sa pagbaril sa mga target range. (Pen. Code, §§ 26005 at 26040.)

Mayroon ding mga pagbubukod batay sa trabaho sa pagbabawal sa pagdadala ng baril na may bala sa pampublikong lugar, kabilang ang mga awtorisadong empleyado habang nagsasagawa ng mga partikular na aktibidad. (Pen. Code, §§ 26015 at 26030.)

Mga Large-Capacity Magazine

Sa pangkalahatan, labag sa batas ang pagmamamupaktura, pag-aalok para ibenta, pagbibigay, pagpapahiram, pagbili, o pagtanggap ng anumang large-capacity magazine o anumang large-capacity conversion kit na may kakayahang gawing large-capacity magazine ang isang ammunition feeding device. (Pen. Code, §§ 32310 at 32311.)

Pagtatago ng Baril Habang May Pagbabawal

Ang isang taong ipinagbabawal na magmay-ari o magtaglay ng baril ay maaaring maglipat ng anumang baril na nasa kanyang pag-iingat o legal niyang pagmamay-ari sa isang lisensiyadong dealer ng baril upang maitago ito habang umiiral ang pagbabawal, sa kondisyong may tiyak at matutukoy na petsa ng

pagtatapos ang pagbabawal at sumusunod ang taong iyon sa mga requirement para sa paglilipat. (Pen. Code, § 29830.)

Iba't Ibang Ipinagbabawal na Gawain

Pagbura o Pagbabago sa mga Marka ng Pagkakakilanlan ng Baril

Labag sa batas para sa sinuman na burahin o baguhin ang mga marka ng pagkakakilanlan na nakalagay sa anumang baril, kabilang ang tatak, modelo, serial number, o anumang natatanging marka na legal na itinalaga ng may-ari o ng DOJ. (Pen. Code, § 23900.)

Labag sa batas para sa sinuman na bumili, magbenta, o magtaglay ng baril kung alam niyang nabura o binago ang pagkakakilanlan nito. (Pen. Code, § 23920.)

Lantad na Pagdadala ng Handgun na Walang Bala

Maliban kung saklaw ng isang exemption, labag sa batas para sa sinuman na lantad na magdala ng handgun na walang bala sa kanyang katawan o sa isang sasakyan habang nasa alinman sa mga sumusunod:

- Anumang pampublikong lugar o pampublikong kalye sa isang incorporated city o lungsod at county.
- Anumang pampublikong kalye sa isang ipinagbabawal na lugar ng isang unincorporated county o lungsod at county.
- Anumang pampublikong lugar sa isang ipinagbabawal na lugar ng isang county o lungsod at county (Pen. Code, § 26350(a)(1)(A)(B)(C).)

Hindi Awtorisadong Pagtataglay ng Baril sa Loob ng Paaralan

Labag sa batas para sa sinumang hindi awtorisadong tao na magtaglay o magdala ng baril sa loob ng, o papasok sa, anumang pampublikong paaralan, kabilang ang mga campus ng University of California, mga campus ng California State University, mga community college sa California, anumang pribadong paaralan (kindergarten hanggang ika-12 baitang), o pribadong unibersidad o kolehiyo. (Pen. Code, § 626.9.)

Hindi Awtorisadong Pagtataglay ng Baril sa Korte, Kapitolyo ng Estado, atbp.

Labag sa batas para sa sinumang hindi awtorisadong tao na magdala o magtaglay ng anumang baril sa loob ng korte, courthouse, gusali ng hukuman, o sa anumang pagpupulong na kinakailangang bukas sa publiko. (Pen. Code, § 171b.)

Labag sa batas para sa sinumang hindi awtorisadong tao na magdala o magtaglay ng baril na may bala sa loob ng Kapitolyo ng Estado (kabilang ang bakuran nito), anumang tanggapan ng lehislatura, anumang tanggapan ng Gobernador o iba pang opisyal na itinatadhana ng konstitusyon, anumang hearing room ng Senado o Asembliya, Mansyon ng Gobernador o anumang iba pang tirahan ng Gobernador, o tirahan ng sinumang opisyal na itinatadhana ng konstitusyon o sinumang Miyembro ng Lehislatura. Para sa mga layuning ito, ituturing na may bala ang isang baril kapag ang baril at ang mga bala nitong hindi pa nagagamit ay parehong nasa mismong pag-iingat ng iisang tao. (Pen. Code, §§ 171c, 171d, at 171e.)

Pagbunot o Paglalantad ng Baril

Kung may ibang taong naroroon, labag sa batas para sa sinuman, maliban kung para sa pagtatanggol sa sarili, na bumunot o maglantad ng baril, mayroon man itong bala o wala, sa magaspang, galit, o nagbabantang paraan, o gumamit ng baril sa anumang paraan sa isang away o pagtatalo. (Pen. Code, § 417.)

Mga Pagbabanta Gamit ang Baril sa Pamublikong Kalye o Highway

Labag sa batas para sa sinuman na bumunot o magpakita ng baril, mayroon man itong bala o wala, sa paraang nagbabanta sa isang taong sakay ng motor vehicle na nasa pampublikong kalye o highway, kung ang gayong pagkilos ay magdudulot sa isang makatuwirang tao ng pangamba o takot na mapinsala ang kanyang katawan. (Pen. Code, § 417.3.)

Pagpapaputok ng Baril sa Paraang Lubhang Pabaya

Labag sa batas para sa sinuman na sadyang magpapaputok ng baril sa paraang lubhang pabaya na maaaring magresulta sa pinsala o kamatayan ng isang tao. (Pen. Code, § 246.3.)

Pagpapaputok ng Baril sa Tinitirhan/Okupadong Tirahan, Gusali, Sasakyan, o Sasakyang Panghimpapawid

Ilegal para sa sinuman na magpapaputok ng baril nang may masamang hangarin o nang sinasadya sa isang tinitirhang gusali, bahay, ocupadong gusali, motor vehicle na may sakay, sasakyang panghimpapawid na may sakay, tinitirhang house car, o tinitirhang camper. (Pen. Code, § 246.)

Pagpapaputok ng Baril sa Sasakyang Panghimpapawid na Walang Sakay, Motor Vehicle na Walang Sakay, o Gusali o Tirahang Walang Tao

Ilegal para sa sinuman na magpapaputok ng baril nang may masamang hangarin o nang sinasadya sa isang sasakyang panghimpapawid na walang sakay. Ilegal para sa sinuman na magpapaputok ng baril sa isang motor vehicle, gusali, o tirahang walang tao. Hindi ito nalalapat sa isang inabandonang sasakyan, motor vehicle na walang sakay, o gusali o tirahang walang tao kung may pahintulot ng may-ari at kung legal naman ang naturang gawain. (Pen. Code, § 247.)

Pagpapaputok ng Baril Mula sa Motor Vehicle

Ilegal para sa sinuman na magpapaputok ng baril nang may masamang hangarin o nang sinasadya sa isang motor vehicle. Ang driver o may-ari ng sasakyan na nagpapahintulot sa sinuman na magpapaputok ng baril mula sa sasakyan ay maaaring maparusahan ng hanggang tatlong taong pagkakakulong sa bilangguan ng estado. (Pen. Code, § 26100.)

Kriminal na Pagtatago

“Kriminal na pagtatago ng baril sa unang antas” – Pag-iingat ng anumang baril na may bala sa anumang lugar na nasa ilalim ng iyong pangangalaga o kontrol kung alam mo o makatuwirang dapat mong malaman na malamang na makuha ang baril ng isang bata (sinumang wala pang 18 taong gulang) o ng isang taong ipinagbabawal ng pang-estado o pederal na batas na magtaglay ng baril o nakamamatay na armas nang walang pahintulot ng magulang o legal na guardian ng bata, at nakuha ng bata o ng ipinagbabawal na tao ang baril at dahil dito ay nagdulot ng kamatayan o malubhang pinsala sa katawan sa kanyang sarili o sa ibang tao. (Pen. Code, § 25100, subd. (a).)

“Kriminal na pagtatago ng baril sa ikalawang antas” – Pag-iingat ng anumang baril na may bala sa anumang lugar na nasa ilalim ng iyong pangangalaga o kontrol kung alam mo o makatuwirang dapat mong malaman na malamang na makuha ang baril ng isang bata (sinumang wala pang 18 taong gulang) o ng isang taong ipinagbabawal ng pang-estado o pederal na batas na magtaglay ng baril o nakamamatay na armas nang walang pahintulot ng magulang o legal na guardian ng bata, at nakuha ng bata o ng ipinagbabawal na tao ang baril at dahil dito ay nagdulot ng pinsala, maliban sa malubhang pinsala sa katawan, sa kanyang sarili o sa ibang tao, o dinala ang baril sa isang pampublikong lugar o nang labag sa seksyon 417 ng Penal Code. (Pen. Code, § 25100, subd. (b).)

“Kriminal na pagtatago ng baril sa ikatlong antas” – Pag-iingat ng anumang baril na may bala sa anumang lugar na nasa ilalim ng iyong pangangalaga o kontrol at sa paraang nagpapabaya ay itinago o iniwan sa isang lugar kung saan alam mo o makatuwirang dapat mong malaman na malamang na makuha ng isang bata (sinumang wala pang 18 taong gulang) ang baril nang walang pahintulot ng magulang o legal na guardian ng bata, maliban kung gumawa ka ng makatuwirang hakbang upang matiyak na hindi makukuha ng bata ang baril. (Pen. Code, § 25100, subd. (c).) Pakitandaan na simula Enero 1, 2026, aamyendahan ng AB 53 ([Stats. 2024, c. 542](#)) ang seksyon 25100, subdibisyon (c) upang alisin ang pagbubukod para sa paggawa ng “makatuwirang hakbang upang matiyak na hindi makukuha ng bata ang baril.”

Hanggang Enero 1, 2026, wala sa mga paglabag sa batas tungkol sa kriminal na pagtatago (unang antas, ikalawang antas, ikatlong antas) ang malalapit kapag ang baril ay nakalagay sa isang naka-lock na lalagyan o naka-lock gamit ang locking device upang hindi mapaputok ang baril. (Pen. Code, § 25105.) Pakitandaan na simula Enero 1, 2026, aamyendahan ng AB 53 ([Stats. 2024, c. 542](#)) ang seksyon 25105 upang iatas na ang baril ay “ligtas na nakatago,” ayon sa kahulugan sa seksyon 25145 ng Penal Code, upang hindi ito masaklaw ng mga paglabag sa batas tungkol sa kriminal na pagtatago sa seksyon 25100. Simula Enero 1, 2026, “Ang isang baril ay ‘ligtas na nakatago’ kung ito ay nakalagay sa loob ng, naka-lock gamit ang, o ginawang hindi mapapaputok sa pamamagitan ng isang sertipikadong safety device ng baril o isang ligtas na safe para sa baril. (Penal Code § 25145.) Pakisuri ang AB 53 at mga seksyon 25100–25145 ng Penal Code para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga batas na ito.

Mga Pagbebenta, Paglilipat, at Pagpapahiram ng mga Baril sa mga Menor de Edad

Sa pangkalahatan, ilegal ang magbenta, mag-supply, maghatid, o magbigay ng anumang baril sa isang taong wala pang 21 taong gulang. (Pen. Code, § 27510.)

Pagtataglay ng Baril o Live Ammunition ng mga Menor de Edad

Labag sa batas para sa isang menor de edad na magtaglay ng baril o live ammunition maliban kung umiiral ang isa sa mga sumusunod na kalagayan:

- Kasama ng menor de edad ang kanyang magulang o legal na guardian at aktibo siyang nakikibahagi sa legal na recreational sporting, ranching, o hunting activity, o sa isang pelikula, programa sa telebisyon, o iba pang entertainment event;
- Kasama ng menor de edad ang isang responsableng nasa hustong gulang, mayroon siyang paunang nakasulat na pahintulot mula sa kanyang magulang o legal na guardian, at nakikibahagi siya sa isa sa mga aktibidad na nabanggit sa itaas; o
- Ang menor de edad ay hindi bababa sa 16 taong gulang, mayroon siyang paunang nakasulat na pahintulot mula sa kanyang magulang o legal na guardian, at nakikibahagi siya sa isa sa mga aktibidad na nabanggit sa itaas. (Pen. Code, §§ 29610–29655.)

Mga Taong Hindi Kwalipikadong Magtaglay ng mga Baril

Ginawang labag sa batas ng mga pang-estado at pederal na batas para sa ilang partikular na tao ang magmay-ari at/o magtaglay ng mga baril. Sa ilalim ng pederal na batas, sa pangkalahatan ay habambuhay na ipinagbabawal sa isang tao ang pagkuha o pagtataglay ng mga baril kung, bukod sa iba pang dahilan, nahatulan siya ng krimeng may parusang pagkakakulong nang higit sa isang taon, nahatulan ng misdemeanor na krimen ng karahasan sa tahanan, o may malubhang kondisyon sa pag-iisip. (Tingnan ang 18 U.S.C. 922.) Ipinagbabawal din ng pederal na batas sa mga tao ang pagkuha o pagtataglay ng mga baril habang napapailalim sila sa ilang partikular na utos ng hukuman na may kaugnayan sa karahasan sa tahanan o habang ilegal silang gumagamit o nalulong sa anumang kontroladong bawal na gamot. (Tingnan ang 18 U.S.C. 922.)

Sa ilalim ng batas ng California, ang mga taong nahatulan ng felony ay habambuhay na ipinagbabawal na kumuha o magtaglay ng mga baril, at ang mga nahatulan ng ilang partikular na misdemeanor ay ipinagbabawal na gawin ito sa loob ng sampung taon. (Pen. Code §§ 29800–29805.)

Bukod dito, may iba't ibang protection order ang California (kilala rin bilang restraining order) na nagbabawal sa mga taong napatunayan ng hukuman na gumawa ng marahas o mapang-abusong pagkilos, o napatunayang nagdudulot ng malaking panganib sa kanilang sarili o sa ibang tao, na kumuha o magtaglay ng mga baril at bala. Halimbawa, ang Kautusang Pagpigil Kaugnay ng Karahasan Gamit ang Baril (Gun Violence Restraining Order o GVRO) ay isang nakasulat na utos na nilagdaan ng hukuman na nagbabawal sa isang tinukoy na tao na magkaroon sa kanyang pangangalaga o kontrol, magmay-ari, bumili, magtaglay, o tumanggap ng anumang baril o bala. (Tingnan ang Penal Code §§ 18150, 18155, 18175.) Maaaring humiling ang tagapagpatupad ng batas, mga miyembro ng pamilya, at iba pang kwalipikadong taong hindi kabilang sa tagapagpatupad ng batas ng GVRO dahil ang isang tao ay nagdudulot ng malaking panganib sa kanyang sarili o sa ibang tao. Maaaring maglabas ng GVRO bilang emergency order (bilang isang uri ng Emergency Protective Order) na may bisa nang hanggang 21 araw, bilang Pansamantalang GVRO na karaniwang may bisa nang hanggang 21 araw, o bilang pangmatagalang pinal na GVRO na may bisa mula isa hanggang limang taon.

Isa pang uri ng protection order—ang Kautusang Pagpigil Kaugnay ng Karahasan sa Tahanan (Domestic Violence Restraining Order o DVRO)—ay nagbibigay-daan sa mga nakaranas ng karahasan at pang-aabuso na humiling ng iba't ibang proteksyon para sa kanilang kaligtasan laban sa kasalukuyan o dating asawa o kinakasama, malapit na miyembro ng pamilya, o taong kasama nila sa tirahan. Kasama sa DVRO ang pagbabawal sa isang tao na magkaroon ng access sa mga baril at iba pang armas habang may bisa ang protection order ng hukuman. Maaaring pansamantalang maglabas ng DVRO, na karaniwang may bisa nang hanggang 21 araw (o 25 araw kung may makatuwirang dahilan), at maaaring maglabas ng pangmatagalang pinal na DVRO na may bisa nang hanggang limang taon.

Bukod dito, ang taong napapailalim sa isang GVRO o DVRO ay dapat isuko ang anumang baril na nasa kanyang pag-iingat sa tagapagpatupad ng batas o sa isang lisensiyadong dealer ng baril sa loob ng 24 na oras mula nang maihatid sa kanya ang utos.

Sa kabuuan, may siyam na protection order sa California na, maliban sa ilang limitadong pagbubukod, ay may magkakatulad na probisyon na nagbabawal sa mga baril at iba pang armas.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga protection order sa California, tingnan ang publikasyong Pathways to Safety: California's Nine Court Protection Orders to Prevent Gun Violence (Mga Paraan Tungo sa Kaligtasan: Siyam na Kautusang Proteksyon ng Hukuman sa California para Maiwasan ang Karahasan Gamit ang Baril) ng Office of Gun Violence Prevention sa oag.ca.gov/system/files/media/ogvp-restraining-order-report-062024.pdf

Hindi ito kumpletong listahan ng lahat ng pagbabawal sa pagmamay-ari at pagtataglay ng baril sa ilalim ng mga batas ng estado at pederal na batas. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga pagbabawal kaugnay ng mga baril, tingnan ang publikasyong "Firearm Prohibiting Categories" (Mga Kategoryang Nagbabawal sa Pagkakaroon ng Baril) sa oag.ca.gov/firearms/forms.

KABANATA 6: PAGSUSULIT SA SARILI

1. Labag sa batas para sa isang taong nahatulan ng anumang felony na magtaglay ng baril. (pahina 39)
Tama Mali
2. Upang legal na makapagbigay ng baril sa iyong matalik na kaibigan bilang regalo sa kaarawan, dapat mong isagawa ang paglilipat ng baril sa pamamagitan ng isang lisensiyadong dealer ng baril. (pahina 31)
Tama Mali
3. Sa pangkalahatan, labag sa batas ang magbenta, mag-supply, maghatid, o magbigay ng anumang baril sa isang taong wala pang 21 taong gulang. (pahina 38)
Tama Mali
4. Sa pangkalahatan, maaaring legal na magtaglay ang isang tao ng baril na may bala sa kanyang campsite, kung hindi naman ito ipinagbabawal ng batas. (pahina 35)
Tama Mali
5. Illegal ang bumili, magbenta, o magtaglay ng baril kung alam mong nabura o binago ang mga marka ng pagkakakilanlan nito. (pahina 36)
Tama Mali

Sagot: 1: Tama, 2: Tama, 3: Tama, 4: Tama, 5: Tama

GLOSSARY NG PAGPAPAKITA NG LIGTAS NA PAGHAWAK

Action: Isang serye ng mga gumagalaw na bahagi na nagbibigay-daan upang makargahan ng bala, mapaputok, at maalisan ng bala ang isang barrel.

Barrel: Ang metal na tubo na dinaraan ng bala patungo sa target.

Breech: Ang bahagi ng barrel na nasa likurang bahagi ng barrel.

Bullet: Ang bala na matatagpuan sa dulo ng cartridge case.

Caliber: Ang diametro ng bullet o barrel.

Cartridge: Isang yunit ng bala na binubuo ng case, primer, propellant, at bullet.

Cartridge Case: Lalagyan ng lahat ng iba pang bahaging bumubuo sa isang cartridge.

Chamber: Ang likurang bahagi ng barrel ng barrel kung saan nakalagay ang cartridge kapag may bala ang barrel.

Cylinder: Ang bahagi ng revolver na naglalaman ng mga bala sa magkakahiwalay na chamber.

Cylinder Latch: Ang latch sa mga double-action revolver na nagbibigay-daan upang bumukas palabas ang cylinder.

Double-Action: Isang uri ng action ng barrel kung saan sa isang paghila lamang sa gatilyo ay parehong nako-cock at nare-release ang hammer.

Dummy Round: Isang matingkad na orange, pula, o iba pang madaling makilalang dummy round, o isang inert cartridge na walang powder at primer.

Ejector Rod: Ang bahaging ginagamit upang alisin ang mga cartridge mula sa cylinder.

Grip: Ang hawakan ng barrel.

Hammer: Ang bahagi ng firing mechanism na tumatama sa firing pin o primer.

Jam: Isang aberya na pumipigil sa barrel na pumutok nang maayos.

Magazine: Isang hiwalay at tila kahon na metal na lalagyan para sa mga semiautomatic pistol kung saan ikinakarga ang mga cartridge.

Magazine Release: Isang device na nagre-release sa magazine upang maalisan ito mula sa barrel.

Magazine Well: Ang bukas sa barrel kung saan ipinapasok ang magazine.

Muzzle: Ang harapang dulo ng barrel kung saan lumalabas ang bala.

Revolver: Isang barrel na may umiikot na cylinder na naglalaman ng ilang chamber.

Round: Tingnan ang cartridge.

Safety: Isang device sa barrel na idinisenyo upang makatulong na maiwasan ang aksidenteng pagputok sa normal na paggamit kapag maayos itong pinapagana.

Semiautomatic Pistol: Isang barrel na nagpapaputok ng isang cartridge sa bawat paghila sa gatilyo, at awtomatikong nag-aalis at naglalabas ng walang lamang cartridge case at muling nagkakarga ng cartridge sa chamber.

Single-Action: Isang uri ng action ng barrel kung saan ang paghila sa gatilyo ay nagre-release sa hammer.

Trigger Guard: Matatagpuan sa ilalim ng barrel, ang trigger guard ay isang matigas na loop na nakapalibot sa gatilyo upang maprotektahan ito laban sa pagkasira o maiwasan ang aksidenteng pagputok.



CALIFORNIA DEPARTMENT OF JUSTICE

OFFICE OF THE ATTORNEY GENERAL

Kung mayroon kang anumang komento o mungkahi tungkol sa publikasyong ito, ipadala ang mga ito sa:

Department of Justice
Bureau of Firearms / FSC Unit
P.O. Box 160367
Sacramento, CA 95816-0367

o sa pamamagitan ng aming website sa:

oag.ca.gov/firearms